


MGA KAPUSUNGANG PANGALAN

 Salamat, Kapatid na Neville. Medyo di ko ito—di ko ito inaasahan. Wala sana ako rito ngayon. Pero, mamayang gabi po’y gabi ng komunyong, at naisip ko—at naisip ko na pumarito sa umagang ito. At tinawagan ko si Kapatid na Neville, at sabi niya, “Buweno, ngayon, kung pupunta ka rito,” sabi, “bakit di ka mangusap sa amin nang kaunti?”

2 At naisip ko, buweno, kung pupunta ako, at posible naman, hindi ako mangangaral, pero mangungusap ako sa iglesya nang ilang sandali tungkol sa mga bagay na, alam n’yo, sa palagay ko ay makakapagpatibay sa iglesya.

3 Kararating lang po namin mula sa aming—mula sa aming taglagas na biyahe para mangaso, ang mga kapatid na lalaki’t ako, dito, at kami’y nagkaroon ng maluwalhating panahon. Kami’y—kami’y lubos-lubos ang pasasalamat, lahat kami’y napunuan, at—at naiwi namin ang ipinapangaso namin. At—at ang ating pastor at ako’y alam namin na ang karne ng usa ay napaka, napaka inam. At mangyari nga na nakakuha kami ng mainam na usa. At nakakuha ako ng isang oso at dalawang usa. At bumalik na kami.

4 At ito sana ’yung panahon na ipangungusap ko ang tungkol sa pitong huling Mga Tatak na ’yun. At di pa nila naihahanda ang iglesya. At may kung anong bagay, na sagabal, na dahilan nun. Mangyaring, sa tingin ko pinahihirapan tayo ng siyudad, dahil walang sapat na paradahan para sa dami ng tao na ating. . . na kayang magkasya sa simbahan.

5 Nais natin ng bagong simbahan na maipatayo rito, at mayroon na tayo nung hustong bahagi ng pera na nailaan na, at—at para makapagpatayo ng isang—isang mas malaking simbahan. Mangyari po kasi na kapag idinadaos natin ang mga gawain na ito, siyanga’t, nauunawaan n’yo naman kung ano ito. Nakakaawa po. Ang mga tao’y nasa tabi na ng mga dingding, sa labas sa ulan, at—at—at sadya pong hindi kaaya-aya. At may mga puna na nanggagaling sa mga kaibigan ko mismo. Sabi, “Kapatid na Branham, mukhang dapat sila’y. . .” Kaibigan ko pong doktor mismo, ang sabi, “Mukhang dapat ay maglaan ka na ng mainam na lugar.” Sabi, “Naaawa ako, kapag dumadaan sila.”

6 Yung isang nars na kapitbahay ko, sabi, “Buweno, napadaan ako dun noong isang umaga nang alas singko. Inaasahan nila na nandun ka na nang. . .” Tapos sabi, “Ang mga tao’y nagkakatipon na sa paligid ng simbahan doon, nang alas singko pa lang ng umaga. Inaasahan ka na naroon ka na nang alas

nuwebe y media.” Kaya, kita n’yo, at ’yun ang dahilan kung bakit mahirap.

⁷ At nais natin ng simbahan na maluwag, at kung saan marami ang makakaupo. At iniisip natin na nabubuhay na tayo sa huling mga araw, naniniwala riyon. Na kung saan ang . . . Kailangan nating turuan ang Iglesya ng—ng—ng mga bagay na ito, na nagkaka-anyo na, mga bagay na iprinopesiya noon, na ang ilan sa mga ito, libong taon na ang nakararaan. At sa loob ng dalawampu’t lima at tatlumpung taon, mula rito sa iglesyang ito, na iprinopesiya, ay mangyayari. At ngayon ay heto na ito sa atin na nangyayari na. Kaya nararapat sa atin na ipanauli muli ang mga bagay na ito, pero wala lang tayong sapat na lugar. Kaya sa umagang ito . . .

⁸ Akin pong pinupuntahan ang mga tawag sa akin at mga bagay-bagay, kahapon, at may ilan pa akong aasikasuhin, sa hapon na ito, at iba pa. At pagkatapos may ilan pa akong panauhin na nais pumasok, isang kalugud-lugod na kabataan, na inaatake ng pagkanerbiyos, isang kapatid na lalaking ministro sa pagmimisyon. At ilan pa na tulad nito, at isang kapatid na lalaki mula Norway. At—at nagkaroon kami ng munting mga pakikipanayam sa likod na silid. Tapos sabi ko, “Buweno, ngayon, lalabas na tayo.”

⁹ Tapos sabi ni Kapatid na Neville, “Buweno, lalabas tayo at mangungusap nang kaunti para pagtibayin ang Iglesya nang kaunti.” Ang un- . . .

¹⁰ Isa sa mga unang bagay na gusto kong sabihin. May isinulat akong ilang bagay rito sa papel, na, sa pagdating ko rito sa simbahan, ay nais kong sabihin. Isang bagay na isinulat ko rito ay tungkol sa pagyao ng ating kalugud-lugod na Kapatid na Taylor habang wala kami rito.

¹¹ Dumadalo si Kapatid na Taylor sa simbhang ito nang maraming-maraming taon na. Lahat tayo’y nakikilala siya, sigurado ako. Pero kung may ilan dito na baguhan, siya po’y isang kalugud-lugod na matandang ginoo na lagi kayong hahanapan ng maupuan, para makaupo kayo. Si Kapatid na Taylor, huling beses ko ’yun na makita siya, hanggang sa makita ko siyang muli na isang kabataang lalaki na, nakatayo siya roon sa may pinto mga tatlo o apat na Linggo na ang nakararaan. Sabi niya, “Nais ko po ng ilang libro, Kapatid na Branham. Nais kong ipamahagi ang mga librong ’yun.” Kaya aming, siya . . .

¹² Sa pagkakaunawa ko, may diyabetis siya at na-coma, at hindi . . . di alam na may diyabetis siya. At—at mangyaring . . . Namatay siya. Siya po’y hindi naman talaga namatay. Siya’y nagtungo para mapasapiling ng Panginoong Jesus.

¹³ At siya’y tapat, na kamangha-manghang kapatid, lagi niyang iniisip ang ibang tao. At ang kagalakan niya ay ang mahanapan ang iba ng dako na maupuan, kapag nagpupunta

sila rito sa simbahan. At alam n'yo, marahil, sa pagtawid natin sa Hanganan, hindi ba't kaaya-aya na makita natin si Kapatid na Taylor doon, na hahanapan tayo ng dakong mauupuan, sa kabilang ibayo roon?

¹⁴ Sa palagay ko, sa paggugunita kay Kapatid na Taylor . . . Wala ako rito noon para makapangusap kasama si Kapatid na Neville, sa libing niya, pero nais kong maglahad ng ilang pananalita ng pagpapahalaga, sa kanyang balo. Si Kapatid na babaing Taylor, sa palagay ko, narito siya sa kung saan sa umagang ito, pagpalain ang kanyang tapat na puso!

¹⁵ Si Kapatid na Taylor, may sinabi siya nung isang araw, "Halika't bisitahin mo ako. May hinukay ako roon na munting lawa, naglagay ako ng ilang isda roon, para makapunta ka't makapamingwit." Lagi po niyang iniisip ang ibang tao. At may Isa mismo na iniisip siya, si Cristo, na binigyan siya ng kaligtasan.

¹⁶ Sa tingin ko, bilang paggugunita, siyanga, para sa iglesyang ito, habang nagtitipon ito bilang isang katawan sa umagang ito, tayo po'y tumayo na sama-sama, iyuko ang ating mga ulo sa harap ng Diyos.

¹⁷ Makalangit naming Ama, kami bilang mga tao sa umagang ito, at ang—ang mga nagsidalò sa dakong ito ng pagsamba . . . ang Iyo pong dakilang kamay ay kumilos sa kalagitnaan namin at kinuha mula sa amin ang isa sa pinakamamahál na kapatid na minamahal namin, at nalalaman na Iyo siyang iniibig. At Ikaw po'y may dahilan para sa lahat ng ito, Panginoon, o kung hindi'y hindi ito mangyayari sa ganitong paraan, yamang nalalaman na sinasabi sa amin ng Biblia, na, "Lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa nang mabuti para sa kanila na iniibig ang Diyos." At 'yun po'y ginawa niya.

¹⁸ At tumitingin po kami sa paligid, sa mundo, at nasumpungan namin na ang kalikasan sa bawat pamamaraan ay nangungusap sa amin, na hindi siya kayang panatilihin ng libingan, dahil sa lupa ay may layunin siya na tinupad na Iyong ipinadala siya rito para gawin. Siya'y isang mabuti't, tapat na kapatid.

¹⁹ Nasumpungan po namin na sa buhay ng halaman, at sa buhay ng araw na sumisikat sa isang umaga para bigyan kami ng liwanag. At sa kalagitnaan ng araw ay nagiging edad media ito. At pagkatapos sa gabi'y namamatay ito, upang sumikat na namang muli sa kasunod na umaga, na sariwa't bago, dahil tinupad nito ang layunin ng Diyos.

²⁰ Nakikita namin ang mga bulaklak habang sumisibol ang mga ito at pinagaganda ang lupa at pinalalamutian ang mga bulwagan ng paglilibingan, at mga dako ng kasalan, at tinutupad ang layunin; na binubuksan nito ang puso nito at nagbibigay, nang walang kapalit, ng pulot para sa bubuyog, at pabango para sa mga napapadaan, kagandahan para sa

mga naghahanap. Ibinibigay mismo ang lahat-lahat nito, sa paglilingkod para sa Diyos, pagkatapos ay iyuyuko na nito ang munti nitong ulo. Pero pagdating ng tagsibol, ito'y bumabangon muli, dahil tinupad nito ang layunin ng Diyos.

²¹ Pagkatapos sa harap ng lahat na kalikasan, at ng Biblia, ng pangako, at ng Espiritu Santo, kami'y may kagalakang makapagbubunyi sa aming puso, na malamang ang aming Kapatid na Taylor, ay ganoon din, Panginoon, na tinupad ang layunin ng Diyos. At ang sabihin na hindi siya magbabangong mag-uli ay ang itanggi ang aming Biblia, ang aming Diyos, at lahat ng mga bagay na ibinigay sa amin ng Diyos na tingnan, para malaman na may pagkabuhay na mag-uli. Kaya kami'y nakatuong nagmimithi sa panahon na makikita namin siyang muli, na siya'y bata na't malusog at hindi na kailanman magkakasakit o tatanda.

²² Iyo pong pagpalain ang kanyang pinakamamahala na asawa, na kanyang tapat na kasama. Ganoon na lamang na magiging alaala na lang sa amin sila, nang matagal, Panginoon, 'yung kapag nakikita po namin sila na nagpupunta nang magkasama sa lawa, at nakaupo sa munting mga bangko sa dako roon, namimingwit, at nag-uusap, at kung paanong tunay na magsing-irog mismo sila na magkasama.

²³ At ngayon nalalaman namin na may dakilang Araw na parating, kapag ang mga bayani ng pananampalataya'y magmamartsa sa ilalim ng malaking arko ng tagumpay, at ang mga Anghel ng . . . na may mga awit na pupuno sa himpapawid. Makikita namin silang muli sa dakong 'yun.

²⁴ Hanggang dumating ang panahon na 'yan, Panginoon, Iyong bigyan kami ng tapang. Iyong pagpalain kami at tulungan kami. Matagal naming maisip si Kapatid na Taylor, at ang lahat na dumadalo sa simbahang ito, 'yung pagtayo niya roon sa may pinto at paghahanap niya ng dako para sa mga dumarating para pakinggan ang Salita ng Diyos, para mapaupo sila nang kumportable at mapayapa.

²⁵ Noong isang araw noong siya'y tumawid na, Panginoon, dalangin ko na ang dakilang Arkanghel ng Diyos ay nakatayo roon sa may pinto, para hanapan siya ng isang dako, rin, Panginoon, at siya'y mauupo. Sapagkat nasusulat sa Biblia, "Ang mga mahabagin ay magkakamtan ng habag." Hanggang sa makita namin siyang muli, Panginoon, nawa ang mga alaala'y magtuloy-tuloy nang matimyas sa aming mga puso, hanggang sa araw na magkikita-kita muli kami sa ibang Lupain. Sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo ay amin itong hinihiling. Amen.

²⁶ Tunay na matagal siyang aalalahanin sa kalagitnaan natin at sa gitna ng mga baguhan, at iba pa, na dumadalo rito sa ating simbahan, o sa ating gusali rito, para sumamba. Nawa ang

kanyang kaluluwa ay mamayapa sa harap ng Diyos, hanggang sa Araw na 'yun.

²⁷ Balang araw, din, bawat isa sa atin ay yayao, isa-isa, hanggang sa takda na natin sa pila na parang ganoon. Atin ngayon, habang may panahon pa tayo, at may pagkakataon pa, na ihanda ang ating mga sarili para sa parating na panahon na 'yan; dahil di natin alam kung kailan ba ito. Di natin alam kung sino ang kasunod. Mamuhay tayo, na sa bawat araw, na kapag darating na ito, na ito para sa atin, ay handa na tayo.

²⁸ Ngayon, nais ko lang mag-anunsiyo. Ngayon, malapit na, marahil, siguro, hindi ko pa nakakausap ang mga katiwala mula noong bumalik ako, tungkol sa lagay ng pagpapatayo ng—ng simbahan dito, o kung ano ba ang kailangan nating gawin na kasunod, na ihahanda na ang ating simbahan para tayo'y makapagdaos ng pagtitipon. Mangyari na magtutuloy ako, pasensya na po, sa—sa Pitong Tatak, at pagkatapos ang Pitong Mangkok, at marami pang bagay na kailangan na nating madakuan, agad-agad.

²⁹ At ngayon, sa susunod na Linggo ng umaga, doon, ako'y pupunta sa Elizabethtown, Kentucky, kina Kapatid na L. G. Hoover, sa isang—isang gawain ng paghahandog. At 'yun ay para ihandog ang isang bagong tabernakulo, o isang tabernakulo na binili nila sa Elizabethtown, Kentucky. Doon lamang ang daan sa 62 hanggang sa makarating ka ng Elizabethtown, o doon po, pala, sa 31, o doon sa turnpike. Doon mismo sa turnoff na labasan, tumbok 'yun ng Elizabethtown. Mga isang oras din. Mga nasa tatlumpu't lima, apatnapung milya ang biyahe papunta roon. Sa palagay ko, mga apatnapung milya, kung dadaan sa . . . ng 31, at mga nasa tatlumpu't limang milya, o parang ganoon, sa ibang daan, patugaygay sa turnpike. Nasa Mulberry Street po.

³⁰ Ang gawain ng paghahandog. Si Kapatid na Hoover ang sa regular na Sunday school nang alas diyas. At ako naman ang mangangaral ng gawain ng paghahandog, mula alas onse hanggang alas dose, sa susunod na Linggong ito, ika-labingisa ng Nobyembre.

³¹ Diyan po sa bulletin board, may—may artikulo ng balita tungkol dun. At 'yun ay sa . . . Matutunton n'yo ang daan mula roon. Sa Mulberry Street po ito. O kanilang—kanilang ibinigay ang direksyon sa . . . Nandiyan po sa bulletin board sa harap ng simbahan.

³² Pagkatapos, sa—sa Nobyembre sa—sa ika-dalawampu't dalawa, ako—ako nama'y pupunta sa Shreveport, Louisiana, sa ika-dalawampu't dalawa, ika-dalawampu't tatlo, ika-dalawampu't apat, ika-dalawampu't lima, at—at ika-dalawampu't anim. Limang araw, sa palagay ko, sa Shreveport, Louisiana, sa Life Tabernacle. Yun po'y kina Kapatid na

Moore. Nagdiriwang sila ng kanilang ginintuang jubileo. Ang pentecostal na pagpapala'y bumaba sa Shreveport, Louisiana, limampung taon ang nakararaan, sa ika-dalawampu't dalawa ng buwan na ito. Limampung taon, na ang unang pentecostal na mensahe'y ipinangaral. At bumaba, ang Espiritu Santo'y bumaba, sa Louisiana. At may paggugunita po sila roon, at ito po'y ginintuang jubileo. At ako ang mangungusap sa jubileo na ito, limang gabi, kina Kapatid na Moore, sa Shreveport, Life Tabernacle.

³³ Kung may mga kaibigan po kayo dun at sa palibot dun, hayan nga, na nais n'yong sulatan, o kung ano, ikagagalak namin na makadalo sila. At sabihin n'yo lang sa kanila ang tungkol sa parating na mga pagtitipon doon.

³⁴ At ang Life Tabernacle, kung mayroon nang nakapunta sa inyo roon kina Kapatid na Moore, siya'y isang kahanga-hangang tao. At may kahanga-hangang grupo ng mga tao roon, mga kalugud-lugod na mga taga-Timog. Hindi n'yo nga sila madadaig. At kaya, ang Life Tabernacle, sinuman sa palibot ng Shreveport ay masasabi sa inyo kung nasaan 'yun. Ang Shreveport po'y nasa mga dalawang daang libong tao. At mainam na siyudad po ito, at maraming matutuluyan. Kaya . . .

³⁵ At 'yung tabernakulo'y malaking tabernakulo, napakalaking tabernakulo po. May itaas na palapag, at balkonahe, at pangunahing palapag, at pagkatapos may isa pang palapag. At napakalaki ng espasyo. At 'yun po'y tapat lang ng awditoryum ng siyudad na kayang maglaman ng limang libo. Doon lang—doon lang sa pagtawid sa kalsada roon, sa awditoryum ng siyudad.

³⁶ Basta't Rev. Jack T. Moore, o—o puwede ring Life Tabernacle sa Shreveport, Louisiana. Magsisimula po 'yun sa ika-dalawampu't dalawa. Yun po'y Miyer- . . . Huwebes hanggang Linggo. Huwebes, Biyernes, Sabado, Linggo, apat na araw sa halip na lima po pala. Pasensya na po. Yun po'y sa ika-dalawampu't dalawa, ika-dalawampu't tatlo, ika-dalawampu't apat, at ika-dalawampu't lima. Sa palagay ko ganoon po, nitong—nitong Nobyembre.

³⁷ At pagkatapos, aalamin natin pagkatapos kung anu-ano na, kung ano na ang nagawa natin dito sa simbahan, para malaman kung ano nang estado ng simbahan na mapatayo ang gusali nito. Sinasabi sa amin ng mga kontratista na makapaglalagay raw sila ng sapat na kalalakihan dito, na mga sampung araw lang ay makapagtipon na sila ng mga tauhan para mapaumpisahan na natin, kita n'yo, agad-agad. At hinihintay na lang nila ang siyudad na lumagda. Alam n'yo, at kailangan tayong maglagay ng malaking paradahan ng sasakyan, at mga *ganitong* kalaki. At, oh, grabe, napakarami lang red tape na pinagdadaan, para makapagsimulang magpatayo ng kahit na ano. Pero heto't nais

ko lamang pong makabalik sa iglesya bago ako bumalik sa dako ng pagmimisyon muli.

³⁸ Ngayon may tawag po ako na pumunta ng Tanganyika, Uganda, at sa mga dako roon. Naitakda na ni Joseph ang mga pagtitipon na magsimula ng Pebrero.

³⁹ At kahapon, noong dumating ako, may ilang mga kapatid, at si Kapatid na babaing Thoms at sila, na mula sa ibayong-dagat, sila'y dumating. At may... Nakakita ako ng papel na nasa pintuan ko, o—o isang imbitasyon mula sa isang—isang asosasyon sa Timog Aprika. Kaya sumulat ako sa kanila, para malaman mismo kung anong magagawa. Marahil, habang naroon ako sa ganoong kalayo, ay makababa ako sa Timog Aprika, marahil, sa huling bahagi ng Pebrero at Marso, mga ganoong panahon.

⁴⁰ At umaasa kami na mapatayo na ang simbahan, para makadako na ako rito sa mga Kapanahunan ng Iglesya, bago—bago magsimula ang taglamig, kung posible. Kung di naman, o saka na kapag ako'y nakabalik na mula roon, kung ang Panginoong Jesus ay magtagal pa.

⁴¹ Nakikinig ako kahapon habang may inaasikaso ako, sa palagay ko nung araw bago 'yung kahapon, ng teyp. Sa palagay ko narinig ko 'yun na pinaririnig dito ngayong umaga. May munting kapatid na lalaki na taga-Timog ang... Ang nanay niya'y dumalo sa pagtitipon. Mayroon siyang malignancy sa kanyang dibdib, at siya'y nilulukuban na ng kamatayan. At ang Espiritu Santo, sa isa sa mga pagtitipon nito lang, doon sa Southern Pines, sa palagay ko dun nga, o kung saan, ay sinabi sa kanya, sinabi ang tungkol sa kanyang malignancy, at kung sino siya, at kung taga-saan siya. At sinabi niya na may anak siyang lalaki na isang backslider, at ang lalaking ito ay maaaksidente, at makakapatay. At marami pang bagay na tulad nun. At ang tao na ito...

⁴² Nangyari ngang lahat nang ganoon. At 'yung malignant niyang kanser, o malignant na bukol, pala, ay umalis sa kanya. Haya't, 'yung malignant na bukol ay isang kanser, alam n'yo. Mangyari po na ito'y—ito'y umalis sa kanya. At ang anak na lalaki'y nakapatay, at lahat mismo'y nangyari gaya ng pagkakasabi rito ng Espiritu Santo. At ang lalaki'y naiakay muli kay Cristo, pabalik. At itineyp niya 'yun, at narinig ko—narinig ko na pinaririnig 'yun. Nagustuhan n'yo ba 'yung munting, kalugud-lugod na Katimugang pagsasalita na 'yun? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sabi, "Dito sa North Carolin'er," sabi niya. Oh, gustung-gusto ko nga 'yun, sila na mga taga-Timog. At siya'y may... Sadyang pinagpala siya ng Panginoon. Sabi niya, "Alam ko na sinasabi mo na hindi ka nangangaral ng doktrina, Kapatid na Branham; sa kongregasyon mo lang." Sabi,

“Kami’y bahagi ng kongregasyon mo.” Kaya tunay na munting kalugud-lugod ’yun, na sabihin niya.

⁴³ At ngayon may litrato ryan, sa palagay ko, marahil, nandiyan po sa bulletin board sa umagang ito. Kung wala pa, ipapaskil ito ni Billy ryan. Tungkol po ito sa maraming beses ko nang nabanggit, noong nagpasimula akong mangusap, na ang sabi nila, “Guni-guni mo lang ’yun, Kapatid na Branham, na nakita mo ’yung Liwanag na ’yun, ’yung Liwanag.” Siguro po’y, halos . . .

⁴⁴ Marahil may mga natira pa rito, na mga matatagal nang dumadalo ang nakaalala nun, bago pa nakunan Ito ng litrato. Mayroon pa po ba rito na naaalala na sinabi ko ’yun, matagal na matagal na? Tingnan n’yo. Mga apat o limang kamay na lang. Si Kapatid na babaing Slaughter, at—at ang kapatid na lalaki’t Kapatid na babaing Slaughter, at—at ang kapatid na lalaki *rito*, at kapatid na lalaki naman *doon*. May nasa lima o anim na mga matatagal nang dumadalo ang natitira.

⁴⁵ Buweno, ngayon, paglipas lang nang kaunting panahon, ’yung mekanikal na mata nung kamera’y nakunan ’yung litratong ’yun. Kaya ipinadala ’yun sa Washington, DC at dumaan sa mga tagasuri, at nung bumalik, “Walang double exposure o kung ano.” Sabi, “Tinamaan nga ng Liwanag ang lente.” Si George J. Lacy po ito. Nariyan ang pangalan niya na nakalagda. Kita n’yo?

⁴⁶ Buweno, mangyari po, na maraming beses n’yong maririnig, na magmatyag at sasabihin, “May itim na anino sa ibabaw ng taong *ito*. Ito’y nalililiman ng kamatayan.” Ilan na po ang nakarinig na sinabi ko ’yan? Maraming beses, kita n’yo, maraming beses. Buweno, mangyari mismo na nakunan ’yun ng kamera. At kaya mayroon tayo nito rito.

⁴⁷ Ang ginang po na nagtungo sa isang kapatid na babae at sinabi sa kanya, sa pagtitipon sa—sa Carolina, kung saan nagkaroon kami ng isang kahanga-hangang pagtitipon sa Southern Pines. At doon, ang ginang ay naghilingalo na sa kanser sa dalawang dibdib niya. At sinukuan na siya ng mga doktor para mamatay. At ang ginang ay umabot lang sa ibaba’t kumuha ng litrato, sa mismong sandali na sabihin ko sa kanya kung sino siya, at kung taga-saan siya. At ang sabi ko, “May maitim na anino sa ibabaw mo. Nalililiman ka ng kamatayan.” At kinuhanan ng ginang ito ng litrato. At hayan nga ito sa mekanikal na mata ng kamera, nakuhanan ang anino ng kamatayan.

⁴⁸ Kung sino man sa lahat n’yo na nakapanood ng *The Ten Commandments*, at nakita dun ’yung anghel ng kamatayan, kung papaanong dumaan ’yun, ’yung madilim na ’yun, na mapanglaw ang itsura na anino, ’yun po’y nasa litrato na ito. At sa palagay ko ay naipaskil na ito sa bulletin board ngayon.

Kung hindi pa, naririnig ako ni Billy, hayan nga, pinalalagay ko ito sa kanya sa bulletin board. At may panturo na tumuturo dun sa taong 'yun. At 'yung tao, 'yung anino'y umalis dun sa babae, at mahimalang pinagaling. Pero may parang talukbong, na isang itim na usok na nakapalibot at tumalukbong sa ibabaw ng ginang, at nakausli mula sa kanser na 'yun nang paganoon, galing dun. Mangyari nga, na 'yan 'yung anino kung saan bumubuhos ang kamatayan, din, mula sa kanser.

⁴⁹ Buweno, kahit na gaano n'yo pang pagsumikapan na sabihin sa mga tao ang Katotohanan, mayroon at mayroong naghihinala pa rin na Ito'y hindi Katotohanan. At kung lagi n'yong sasabihin ang Katotohanan, kung ganoon malalaman n'yo na kayo'y—kayo'y tama.

⁵⁰ May kaibigan ako na isang—isang rantsero, sa Kanluran. At—at ang konserbasyon ay nagbayad ng mga nasa apat na libong dolyar para sa isang snowmobil, para bilangin 'yung kawan ng mga usang-elk na natira roon sa Troublesome Valley. Si G. Jeverez na nakaupo rito sa simbahan, siya'y inakay ko kay Cristo, isang ganap na di-naniniwala sa Diyos noon. Haya't narinig n'yo nang nabanggit ko 'yung kuwento na magkasama kaming nangangabayo. At hindi siya naniniwala dati sa kahit na anupaman maliban sa mga tuntunin ni Darwin. "At 'yang Sanggol, na ipinanganak ng birhen, 'yan ay kalokohan." At kami'y nagkampong isang gabi noong tanggapin niya si Cristo.

⁵¹ At mangyari na sinabi sa kanila ng lalaking ito. Sabi nung lalaki, "Ngayon, hindi n'yo kailangang bumili ng awtomobil na 'yan, ng snowmobil na 'yan." Sabi, "Masasabi ko sa inyo nang eksakto kung ilang usang-elk ang naroon sa itaas." Sabi, "Labing-siyam." Sabi, "Dalawampu't- . . . Dalawampu't isa ang naroon, at napatay ko ang dalawa sa kanila." Siyanga't nakikipag-usap siya dun sa tanod ng reserbasyon. Hindi dapat pumatay kundi isa lang. Hayan na nga't ang sabi niya, "May dalawampu't isa, at napatay ko ang dalawa sa kanila. Kaya labing-siyam na lang ang natira."

Tapos sabi ng tanod, "Oo, Jeff, napatay mo nga ang dalawa sa kanila."

Sabi niya, "Nagawa ko naman talaga."

⁵² Buweno, dinala na nila 'yung snowmobil, nagtungo roon sa itaas, haya't labing-siyam na ulo nga ang mga usang-elk doon. Sabi niya, "Billy, sabihin mo man sa isang tao ang katotohanan; di pa rin niya ito paniniwalaan."

⁵³ Mangyari po na ganoon ito. Sabihin mo man sa tao ang Katotohanan, at sa kabila nun sila . . . Napakaraming lihis na pagkakaintindi at—at pagsisinungaling tungkol sa mga bagay-bagay hanggang sa hindi sila maniwala na ang sinasabi mo na

pala'y Katotohanan yamang Katotohanan na ang sinasabi mo sa kanila. Nakita n'yo?

⁵⁴ Pero tayo'y lubos ang pasasalamat na may isang Makalangit tayong Ama na Siyang nagkukumpirma ng Katotohanan na 'yun sa pamamagitan ng isang katibayan. Totoo 'yan. Kaya kung ito na ang huling araw ko sa lupa, ang...maging ang mga siyentipikong pananaliksik at mga pruweba'y pinatutunayan na ang sinasabi ko'y ang Katotohanan ukol sa mga bagay na ito. Ganoon nga. Ito ang Katotohanan. Marahil ito'y ilalagay na sa bulletin board. Billy, nandiyan ka ba sa silid? Hawak mo na ba, ang litrato? At kung nasa sa'yo na, buweno, dalhin mo rito, tapos ipaskil mo na rito, marahil makikita na nila ito. Buweno, hindi ko alam. Maglalagay sila ng ilaw diyana sa—sa board.

⁵⁵ At heto po ang—heto ang litrato rito. Sa palagay ko hindi n'yo nakikita. Pero *dito* makikita n'yo ang tumatalukbong na anino ng kamatayan sa ibabaw ng ulo ng babae. At heto ang artikulo tungkol *dito*, kung saan kumuha ng litrato ang ginang, at para makita kung ito ba'y aktuwal na lalabas. At hayun nga 'yun dun, naroon—naroon. Isa 'yung tumatalukbong na anino ng kamatayan.

⁵⁶ Nakikita n'yo ang babae, 'yung isa roon? Nakita n'yo na ito, sa palagay ko, Kapatid na Neville, hindi po ba? [Sinababi ni Kapatid na Neville, "Oo."—Pat.] Uh-huh.

⁵⁷ Kaya, marahil ipapaskil ito ni Billy sa bulletin board, kung magagawa mo, Billy. Halika, kunin mo ito, at dalhin mo sa harap at ipaskil mo sa bulletin board, para makita ito ng lahat sa paglabas nila. Siya o si Doc, sino man. Ngayon naisip ko, marahil, maaaring may ililinaw pa para makita n'yo sana nang maigi, pero napakarami lang na madidilim na bahagi sa klase ng litrato na ito. Pero ipapaskil pa rin niya riyana, para makita n'yo, sa paglabas nila.

Ngayon, alalahanin n'yo rin po ang lahat na mga anunsyo.

⁵⁸ At ngayon, sa umagang ito, naisip ko na marahil mangungusap tayo nang kaunti tungkol sa isang bagay na makapagbibigay-sigla sa iglesya, isang bagay na makapagbibigay sa inyo ng higit na...

⁵⁹ [Sinababi ni Kapatid na Doc Branham, "Gusto mong itutok ang ilaw?"—Pat.] Ano 'yun? ["Gusto mong itutok ang ilaw?"] Sige, Doc, kung magagawa mo. Marahil mainam 'yan.

⁶⁰ Nais kong gamitin ito rito. Mayroon akong...Yung ilan sa kanila'y wala nito na maitututok sana, para sa nakaraang sanlinggo, kaya naisip ko na marahil na mas mainam 'yan para sa araw na ito. Nais ko pong mangusap tungkol dito, dahil ito'y pumapatungkol sa isang—isang panaginip na napanaginipan ng isang kapatid na babae.

⁶¹ Iniisip ko kung si Kapatid na babaing Shepherd ay nasa simbahan ba sa umagang ito. Nakatagpo ko siya nung nakaraang gabi. At 'yung unang beses na nakita ko 'yung babae, kung tutuusin, hindi ko kilala kung sino siya. Nandito ba siya? Sa palagay ko wala. Oo. Ayos lang po ba, o magiging kakaiba, kung magbabanggit ako ukol sa panaginip na 'yun, Kapatid na babaing Shepherd? Ayos lang naman, di po ba? Sige. Ayos lang.

At bago tayo dumako dun, atin munang iyuko ang ating mga ulo ngayon uli.

⁶² Mapagbiyayang Makalangit na Ama, sa Iyo'y ibinibigay namin ang papuri para sa lahat ng Iyong kabutihan at habag. At ngayon, Iyo pong pataimtimin kami, Panginoon, nang sa gayon ay mapag-aralan namin ang Salita ng Diyos na buhay, sa pagdating Nito sa amin sa pamamagitan ng pangitain at pinatotoo ng Espiritu Santo, kinakatigan ng Biblia. Kaya dumadalangin kami na kami'y Iyo pong pagkalooban ng pang-unawa, nang sa gayon ay malaman namin kung ano ang gagawin sa huling mga araw na ito habang nakikita namin ang masasamang kapangyarihan na naghahanda na sa paligid namin ngayon. Ang pakikibaka, ang huling pakikibaka'y malapit nang ipaglaban. Iyo pong tulungan kami, Panginoon. Bilang tunay na mga mandirigma, na malakas, ay aming mapanatiling nakataas ang kalasag ng Pananampalataya, dala ang Salita ng Diyos, ang Tabak, at umuusad. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

⁶³ Ngayon, habang binubulay ko ang pag-usad, isang pakikibaka, gaya ng isang—ising pakikibaka na kitang-kita ang paghahanda, na nakahanda na para sumabak sa aksyon, isang—ising tunay na pakikibaka, para ipaglaban ang laban ng pananampalataya.

⁶⁴ Si Kapatid na babaing Shepherd dito, at kapatid na lalaking Shepherd, na sadyang napakabait na kaibigan namin, at dumadalo rito sa tabernakulo. At sila'y pinakamamahal na mga anak ng Diyos. At—at itong si Kapatid na babaing Shepherd, noong kinukuha ko 'yung liham ko, 'yung mga uri ng liham na kayang tugunan ni Billy, kagaya ng sasabihin dun, “Padalhan n'yo po kami ng ganoong karaming prayer cloth.” At ipapanalangin ko ang mga 'yun. Tapos siya ang tumutugon naman sa kanila. Pero pagdating sa indibiduwal na mga liham, ako mismo ang sumasagot, kita n'yo. Kaya kinuha ko 'yung indibiduwal na liham, at mangyari na inuwi ko 'yun. At nabasa ko roon, sabi dun, “Mula kay Kapatid na babaing Shepherd.” At tungkol 'yun sa panaginip na napanaginipan niya, mga—mga ilang buwan na ang nakakaraan. At di niya 'yun maunawaan nang tama hanggang sa dalawa o tatlong Linggo ang nakararaan, noong ituro ko itong—itong *Pitong Kapanahunan Ng Iglesya* at—at ang—ang pitong bunga, sa Ikalawang Pedro, kung papaano 'yun, sa Ikalawang Pedro 1, “Idaragdag sa inyong pananampalataya.” Kita n'yo?

⁶⁵ Una, ang pinakapundasyon, ay Pananampalataya. Ikalawa, idagdag sa inyong pananampalataya, kabutihan; sa iyong kabutihan, kaalaman; mula kaalaman, pagpipigil; mula pagpipigil, pagtitiis; sa pagtitiis, kabanalan; at mula kabanalan, pag-ibig sa kapatid, mabuting kalooban sa kapatid; at pagkatapos pag-ibig, ang pinakaulong bato. Pito na mga bagay na 'yun. Pitong kapanahunan ng iglesya, kita n'yo, at pitong bituwin ng kapanahunan ng iglesya, at ang lahat ng ito'y pinaglalakip na sama-sama ng Espiritu Santo.

⁶⁶ Ngayon, 'yun nga ang kailangan para maging isang lingkod ni Cristo. Binubuo ni Cristo ang Kanyang Iglesya sa pitong kapanahunan ng iglesya; ang Kanyang Nobya, isang Tao, babae, Iglesya. Kalakip sa pitong kapanahunan ng iglesya at binubuo ang Nobya. Ang iba'y mula sa kapanahunan na *ito*, ang iba'y mula sa kapanahunan naman na *'yun*, at ang iba'y mula sa kapanahunan na *'yun*, at kapag pinagsama-sama, at binubuo ito sa hugis na isang piramide.

⁶⁷ Gaya ni Enoc, na nagtayo ng mga piramide, na pinaniniwalaan natin. At ang pangulong bato ay di kailanman nailagay sa ibabaw ng mga 'yun, dahil ang pangulong bato nga'y tinanggihan. At tinatalakay natin ngayon, hindi bilang Doktrina, pero upang maunawaan, para sa iglesya mismo rito. Na ang mga ito'y . . .

⁶⁸ Pinagiging ganap ng Diyos ang Kanyang Sarili sa bilang na tatlo. Pinaging ganap Niya ang Kanyang Sarili sa "Ama, Anak, Espiritu Santo," tatlong katungkulan ng iisang Diyos. Pinaging ganap Niya ang Kanyang Sarili sa "pag-aaring ganap, pagpapaging banal, bautismo ng Espiritu Santo," tumungo sa kasakdalan, mga gawa ng biyaya. Pinaging ganap Niya ang Kanyang Sarili sa tatlong pagparito: unang pagkakataon, para tubusin ang Kanyang Nobya; ikalawang pagkakataon, para tanggapin ang Kanyang Nobya; ikatlong pagkakataon, sa Milenyum kasama ang Kanyang Nobya. At ang lahat ay pinaging ganap sa bilang na tatlo. At ang bilang na pito naman ay ang pagsambang bilang ng Diyos. Ang Diyos ay sinamba sa pito, pinaging kumpleto, ngayon ay pinaging ganap at kumpleto.

⁶⁹ At ang kakatwang bagay, hindi para maipasok lang ito, pero para maipakita sa inyo, 'yung huling usa na nakuha ko ay may limang tulis sa isang bahagi at tatlo naman sa kabila; kita n'yo, biyaya at kasakdalan.

⁷⁰ Ngayon pansinin n'yo rito, sa Cristo na 'yun. Sumulat ang Diyos ng tatlong Biblia. Ang unang Biblia ay ang kalangitan, na tinatawag na zodiac. Ngayon, kung hindi n'yo alam ang Aklat ni Job, huwag n'yo lang kalimutan ang tungkol dito, dahil, dahil ipinaliwanag ito ni Job, kung papaanong tumingala siya't pinangalanan niya ang mga bagay na 'yun sa langit.

71 At pansinin n'yo, sa zodiac, ano ang pinagsimulan nun? Ang unang bagay sa zodiac ay ang birhen. Ang huling bagay sa zodiac ay ang Leo na leon. Ang unang pagparito ni Cristo, ay sa pamamagitan ng birhen. Ang ikalawang Pagparito, Leo na leon, ang Leon ng angkan ni Juda.

72 Pagkatapos kinumpleto ni Enoc sa panahon niya, o noong panahon na 'yun noon, ang piramide. At 'yun ay. . . Hayan nga, wala na tayong oras para magbigay ng pambungad na tagpo nito at ipakita kung papaano ang pag-akyat dun sa piramide dun sa mga silid at iba pa. Ito'y direktang tumutukoy mismo sa huling panahon ngayon. Sila'y nasa silid na ng hari ngayon, ayon sa sukat nun. Pero ang pangulong bato ay di inilagay kailanman sa ibabaw ng piramide. At 'yun ay nakalapat nang ganap, sa arkitektura, o—o pagkakamason. Hanggang sa, anupa't ang isang. . . maging ang munting manipis na talim ng labaha. . . Hindi nila alam kung paano nila 'yun itinayo, hindi nila mawari, hindi mo nga maipapasok ang isang talim ng labaha sa pagitan ng mga batong 'yun kung saan nilalagyan dapat ng semento. At walang semento na nakalagay. Lapat na lapat mismo, ang pagkakapatong-patong.

73 Mangyari na ganyan ito kapag si Cristo at ang Iglesia'y naging isa. Walang semento sa pagitan. Walang kung anumang bagay sa pagitan; sadyang ang Diyos lamang at ang tao. Ang Diyos, si Cristo, at ang tao.

74 Ngayon, pero, ang pangulong bato, hindi nila 'yun natagpuan. Alam n'yo 'yung Bato ng Scone na mayroon sila sa England, para magtalaga ng mga hari, o para—para koronahan sila, at kung ano pa. Pero ang pangulong bato. . .

75 Pansinin n'yo sa perang papel ng Amerika. Makikita n'yo kung. . . doon sa perang papel ng Amerika, doon sa isang bahagi, sa kaliwang bahagi. Naroon ang sagisag ng Amerika, isang agila na may. . . mga sibat sa kamay nito, doon naman sa ikalawang bahagi, ito'y tinatawag na sagisag “ng Estados Unidos.” Pero doon sa kabilang bahagi ay 'yung piramide at, sa ibabaw nun, isang malaking mata, at sa ilalim nun ay sinasabi dun, “Ang marilag na sagisag.” Bakit 'yun “Ang marilag na sagisag” ng bansang ito, na naroon pa nga sa ibabaw ng sagisag ng ating bansa? Kita n'yo?

76 Kahit na ano pa ang gawin n'yo, ibinubunsod ng Diyos na mangusap ito ng ganoon din. Kita n'yo? Ibinubunsod Niya maging ang makasalanan na sabihin ang tungkol dito. Ibinubunsod Niya ang bansa na mangusap ukol dito. Ang lahat ay marapat lamang na mangusap ukol sa Kanya. Iyo—iyo mang nais paniwalaan Ito o hindi, Ito'y naroon nga mismo.

77 Ngayon, pansinin n'yo, may mata roon, ang mata ng Diyos. At ang dahilan kung bakit hindi inilapat ang pang-ulo, ang Pangulong Sagisag, ay dahil Ito'y tinanggihan, yaong Anak

ng Diyos nga; ang Panulok na Bato ng gusali, ang Pangulong Sagisag ng piramide, at lahat ng ito. Ngayon—ngayon, aking . . . ayaw kong . . .

⁷⁸ Kung minsan tineteyp nila ang mga bagay na ito, at ito’y nakakarating sa kalagitnaan ng mga kapatiran sa mga kaiglesyahan, sa ibang mga simbahan. At kapag nakakarating sa kanila ’yan, mangyari nga na mali ang pagkakaunawa ng mga kapatiran, na may sinasabi raw akong kung anong bagay tungkol sa kapatid. Pero hindi po. Ako . . . Kung kayo’y makikinig lang na maigi’t uunawain, kita n’yo, hindi ako nagsasalita ng anumang laban sa kaninumang kapatid. Dahil, hindi ’yan magandang gawain sa kapatiran, na magsalita ng bagay na laban sa isa’t isa. Dapat tayong magsalita para sa isa’t isa, hindi laban sa isa’t isa.

⁷⁹ Pero kapag nangungusap ako kung minsan tungkol sa partikular na organisasyon, kagaya ng Presbyterian, Methodist, o kung ano pa, sinasabi nila, “Kita n’yo, siya’y laban dito.” Hindi po ako laban sa kapatid na lalaki na naroon, o kapatid na babae na naroon. Ang sistema na humihiwalay sa pagkakapatiran ang bagay na nagsasalita ako laban dun. Ang mga anak ng Diyos ay isang pamilya, at hindi—at hindi iba’t ibang grupo.

⁸⁰ At may ilan sa kanila na magsasabi, “Wala akong anumang kinalaman diyan, dahil Presbyterian ’yan. At ako kasi’y Methodist.” Kita n’yo? Ngayon, hindi po ganoon. Kita n’yo? Ang sistema po ng organisasyon na ’yun na nagwawatak sa pagkakapatiran na ’yun. Kita n’yo?

⁸¹ Ngayon, ’yan, gaya ng nabanggit ko, halimbawa bumabaybay ka sa ilog sakay sa isang luma’t sira-sirang bangka, sinisikap mong tawirin ang talon, at alam ko na hindi ’yan uubra, buweno, mangyari nga, na hindi lang ako basta sisigaw, na pagwiwikaan kayo. Sisikapin ko na kayo’y makakaalis sa bangkang ’yun. Kita n’yo? Dahil, ’yung bangka nga’y mawawasak, at—at—at maiiwan ka roon, na ikaw na lang, sa tubig. Kaya—kaya hindi ’yun—hindi ’yun sa kapatid na nasa bangka, kundi ako’y sumisigaw sa kapatid para ipakita sa kanya kung ano ang nakabadya na mangyayari.

⁸² Buweno, lahat ng mga sistemang ito, na nagawa ng mga tao bilang tagumpay ay mawawasak at mawawasak. Ganoon mismo. Kailangan nilang . . . Kailangan nating dumating sa pagkakaisa, sa pagkakapatiran. Yan po ang layunin ko sa buhay ang sikapin na mapag-isa at hindi magwasak ng isang organisasyon, kundi iwan nila ang kanilang mga kaisipan, at maging magkakapatid sa bawat ipinanganak na muling Cristiano. Nakikita n’yo ba? Na, ’yang ganyang kaisipan. Diyan ako nakatayo, buweno, ngayon, kung mapapansin ng mga kapatiran ito. Ako . . .

⁸³ Marami sa ating mga kapatid, maging sa hanay natin na Full Gospel, hindi sila naniniwala na ang Baptist at mga Methodist,

at ang Lutheran at sila, ay may pagkakataon. Pero, ngayon, marahil tama sila. Pero hindi ako sang-ayon dun. Naniniwala ako na ang kapanahunan dito, ng Kapanahunan ng Lutheran, dito sa kapanahunan *dito* na tinatawag na, naniniwala ako, ang Kapanahunan ng Sardis. At pagkatapos ang Kapanahunan ng Filadelfia, para sa mga Methodist. At pagkatapos ang Pentecostal, Kapanahunan ng Laodicea. Naniniwala ako na 'yan ang mga kapanahunan. At ang Diyos, sa bawat kapanahunan na ito, ay kumuha ng mga hirang. At diyan, gaya ng sinasabi ng Mga Hebreo 11, na, "Sila'y hindi maging sakdal nang bukod sa atin." Kita n'yo? Pero ngayon ang Iglesya'y dumarating mula *rito*, dumarating na isang minority sa tuwina, hanggang sa Ito'y tumugaygay sa kapanahunan ng Pentecostal.

⁸⁴ Ngayon, ang dahilan kung bakit sinasabi ko ito, para makakuha kayo ng ideya kung ano ang bagay na napanaginipan ng kapatid na babae. At ang kanyang panaginip ay siyanga't humahambing sa bagay na aking itinuturo.

⁸⁵ Pansinin n'yo ngayon dito, ngayon, ang lahat ng mga bagay na ito na sinasaysay sa inyo ng Unang Pedro ika-6 at ika-7 talata, mu-...sa inyong pananampalataya, 'yan ang una. Ngayon, sinasabi ko na may mga tao na nag-aangkin na taglay ang mga katangian na ito nang hindi naipapanganak na muli. At sa palagay ko nakapagsabi ako ng magaspang na pananalita at ang sabi ko, "Kagaya ito ng isang itim na ibon na pinagpipilitang maglagay ng balahibo ng pabo sa kanyang sarili, at ginagawang pabo ang kanyang sarili." Hindi niya magagawa 'yun. Kinakailangan na natural na balahibo ang tutubo mula sa kanya. Kinakailangan na ang kalooban niya ang magpapalabas ng balahibo na 'yun.

⁸⁶ At sa tuwina, haya't lagi akong naaakusahan na masyadong mahigpit sa mga kapatirang babae, tungkol sa putol na buhok, at manikyur sa kanilang mukha, at ibang bagay. Lagi akong naaakusahan sa pagiging masyadong mahigpit sa ating mga kapatid na babae. Hindi po—hindi po 'yan dahil may bagay ako na laban diyan. Hindi ko sinasabi na ang babae na 'yun ay hindi mabuting babae, na siya'y patotot sa kalsada o kung ano. Hindi po 'yan ang ugali ko. Pero, ganito po, kapag siya'y maglalagay ng maraming artipisyal sa labas, ipinapakita lang n'yan na marami siyang artipisyal sa kalooban, kita n'yo, kung saan siya dapat ay mapuno ni Cristo. Dahil, ipinapakita sa tuwina ng labas kung ano ang nasa loob. "Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga'y makikilala n'yo sila." Kita n'yo? At 'yung dako na dapat naroon si Cristo, at isaalang-alang ang bagay ng Diyos, at dapat isinasaalang-alang ang ibang bagay sa halip na artipisyal na kaluningningan, at alam n'yo na, berdeng mga talukap sa mata, at hindi na tao ang itsura, at lahat na ng ganoong uri. Hindi talaga ako umaayon diyan, at naniniwala ako na ganoon din ang Biblia, kaya ang nais ko'y kung ano tayo mismo ay ganoon.

⁸⁷ Pansinin n'yo, ngayon, kung siya'y walang kuko sa daliri, at nais maglagay; kung wala siyang ngipin, at kailangan niya; walang braso, at kailangan n'yo; walang buhok, at kailangan n'yo; walang ganitong mga bagay, iba po 'yan. Pero kapag bubunutin n'yo ang inyong mainam nang ngipin, dahil hindi kasing puti ang mga ito, kung ganoon mali 'yang ginagawa n'yo. Kung pula ang buhok n'yo, at ang nais n'yo ay itim, at dadako kayo roon at pakukulayan ito ng itim, nang dahil lang; mali ang ginagawa n'yo. Oo, sa tingin ko nga. Pero ang pangunahing bagay . . . Wala pong Kasulatan para riyan. Yun lang, pagpuputol ng inyong buhok, may Kasulatan para riyan, oo, marami mismo, kaya heto na nais nating maitama 'yan, ngayon.

⁸⁸ Ngayon, ang ating kapatid na babae, nanaginip siya na siya'y . . . Buweno, una, siya po'y naaaligaga. "Para sa anong kadahilanan, at nagsusumikap tayo sa hirap ng buhay, na kung hinihingi sa atin ng Diyos na dapat matanggap ang Espiritu Santo at hindi natin Ito taglay?" Ngayon, sa palagay ko hindi . . .

⁸⁹ Marahil tiniteyp nila ito. Pero kung hindi nila . . . Kung tiniteyp nila, ito'y para lamang sa iglesya. Kita n'yo? Ngayon, at kung may kapatid na makakakuha ng kopya nito, at maririnig n'yo ang tinig ko, kapatid, ukol dito, alalahanin mo, na sa aking iglesya ko ito itinuturo. Sa tuwina, sa harap ng inyong kongregasyon, suriin n'yo ang—ang mga teyp, at kung ayaw n'yong iparinig ito sa inyong kongregasyon, huwag n'yong iparinig sa kanila. Pero heto po na sinisikap ko itong sabihin sa munting grupo rito, na—na si Kapatid na Neville at ako, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ay pinagsusumikapan na—na pagpasturan at turuan sila.

⁹⁰ Ngayon, may mga bagay rito na marahil husto kayong di sumasang-ayon. Kaya kung mayroon, katulad po ng pagkain ng pritong manok, "Kapag nararating n'yo 'yung buto, hindi n'yo naman tinatapon ang manok. Yung buto ang tinatapon n'yo." Kaya ganyan ang lagi n'yong ginagawa. "Kapag kumakain kayo ng cherry pie, at pagkatapos may buto, hindi n'yo naman itinatapon ang pie. Yung buto lang ang tinatapon n'yo." Kaya ganyan din ang gawin n'yo sa pakikinig Dito.

⁹¹ Ngayon, ako'y—ako'y naniniwala na—na ang—ang dahilan kung bakit napakaraming kalituhan ngayon, tungkol sa Espiritu Santo, ay hindi ito naituro nang tama. Naniniwala ako na ang bautismo ay naituro . . . at sinasabi lang "ang bautismo."

⁹² Pero hayan nga na katulad lang 'yan na sasabihin mo "awtomobil." Pero ngayon may ilang mga mekaniko sa simbahang ito, at wala akong nalalaman na anuman tungkol dito. Kaya kung magkamali po ako, kapatid, ako'y . . . Alalahanin n'yo, hindi po ako mekaniko. Dapat may mga bobina, at mga buhia, at mga tilos, at mga balbula, at lahat na ng iba pa, na bumubuo sa sasakyan.

⁹³ At kapag ipangungusap n'yo ang tungkol sa bautismo ng Espiritu Santo, napakarami nga ng nakapaloob Dun. Huh? Kita n'yo? Napakaraming nakalakup Dun. At heto ang iniisip ko na pinatotohanan ng Diyos: ang Espiritu Santo ay narito. Kita n'yo?

⁹⁴ Ngayon, ang sabi ni Pedro, una, "Pananampalataya." Ngayon masdan n'yo pong maigi ito ngayon. Ituturo natin ito nang ilang minuto. Pananampalataya, ngayon, 'yan ang una n'yo. At idagdag sa inyong pananampalataya, kabutihan; sa inyong kabutihan, kaalaman; sa inyong kaalaman, pagpipigil; sa inyong pagpipigil, pagtitiis; sa inyong pagtitiis, kabanalan; sa inyong kabanalan, pag-ibig sa kapatid, mabuting kalooban sa kapatid; at pagkatapos pag-ibig. At sinuma'y nakakaalam na ang pag-ibig ay Diyos. "Ang Diyos ay pag-ibig." Kita n'yo?

⁹⁵ Ngayon, na pagkatapos, mula rito, at pagkatapos dadalhin ito dun sa pitong kapanahunan ng iglesya. Ang Diyos ay nagbubuo, sa pitong kapanahunan ng iglesya, ng isang Nobya para kay Cristo; sa pagtugaygay sa Filadelfia, Tiatira, at Pergamo, at Smirna, at Efeso. Isang kapanahunan ng iglesya, na sinabi ni Jesus, "Kung ang—kung ang Lalaking Ikakasal ay dumating sa unang pagbabantay o sa ikapitong pagbabantay, ang lahat na mga dalaga'y nagising." Sila nga. Nagising sila, ang mga birhen ng Efeso, Smirna, Pergamo, Tiatira, Sardis, Filadelfia, at Laodicea. Napansin n'yo ba? Doon sa ikapitong kapanahunan, na Siya'y dumating at ginising ang mga natutulog na birhen. Kasama na ang lahat ng 'yun hanggang *dito*. Kita n'yo? Dahil, dito, sa lahat ng mga taon na 'yun, sa lahat ng mga kapanahunan na 'yun, Siya'y bumuo ng isang Nobya, na ipinanganak na Nobya, ipinanganak na isang Nobya sa lupa para kay Cristo. At sa siya ring paraan na Kanyang ipinanganak ang Nobya na ito, Kanyang ipinanganak din ang mga indibiduwal.

⁹⁶ Ngayon binibigyan ko ito ng pambungad na tagpo, para makita n'yo kung kailan sinasaysay ang panaginip ng kapatid na babae.

⁹⁷ Ngayon, itong mga bagay na ito ay ganap na dapat ay nasa Cristiano bago sila tatakan ng Espiritu Santo, bago ito pupunta sa ibabaw at magbunsod ng isang kumpletong yunit.

⁹⁸ Ngayon, ang panaginip ng kapatid nating babae ngayon. Siya'y nag-aalala kung siya ba'y may Espiritu Santo o wala, noong mahiga siya sa sofa kung saan nagbabasa ng diyaryo ang kanyang asawang lalaki. At may mga maliliit siyang anak, kagaya ng sa akin, haya't lagi silang nag-iingay at mga bagay-bagay. At kaya, doon, nakatulog siya nang halos sampung minuto, o labing-lima. At nanaginip siya. At hindi niya 'yun maintindihan, o mapaglakup-lakup 'yun, mula isang taon na ang nakararaan, halos, hanggang sa ituro ang Mensaheng ito.

Pagkatapos, habang tinuturo ko Ito, nanumbalik itong lahat sa kanya. At nanaginip siya na nananalangin daw siya.

⁹⁹ Naglalakad siya sa sahig, una, bago siya nanaginip, at nakadaop ang kanyang mga kamay, at iniisip, “Panginoon, kamit ko po ba ang Espiritu Santo? Maaari Mo po bang patunayan sa akin. May ilan na nagsasabi, ‘Dahil sa—sa ako raw ay nakasigaw.’ O may ilan na nagsabi, ‘Dahil sa ako raw ay nakapagsalita ng wika.’ At naniniwala po kami sa lahat ng ‘yan. Pero taglay ko po ba Ito?’”

¹⁰⁰ Naniniwala ako sa lahat ng mga bagay na ito, sa maiinam na mga katangian na ito, na nagsasalita sa iba’t ibang wika, at sumisigaw, at lahat na ng uri ng pagpapamalas. Naniniwala ako ryan hanggang sa kaliit-liitan. Pero kung mayroon n’yan na wala naman *Ito*, may kung anong bagay na mali. Kita n’yo? Ngayon, kita n’yo, kayo’y—kayo’y may talop. Pansinin.

¹⁰¹ At siya’y naliligalig dahil dun, kaya nahiga siya roon sa sofa kung saan nagbabasa ang kanyang asawang lalaki, at nakatulog siya.

¹⁰² At nanaginip siya na nasa ibabaw raw siya ng isang bundok. At sa bundok na ito, ang pinaka . . . Wala sa akin ngayon ‘yung papel, pero sa palagay ko parang ganito ‘yun. Napanaginipan niya na nakakita raw siya ng isang—isang batong kahon, na parang—parang isang—isang banghay, na naroon sa ibabaw ng bundok na ‘yun. At ‘yung asawa niyang lalaki’y nasa likuran lang niya. At may nakita siyang isang malaking lalaki na nakatayo roon, na ang damit ay damit-pantrabaho, nakalilis ang mga manggas, na umiigib ng pinaka purong tubig na nakita niya kailanman, at ibinubuhos dun sa kahon na ‘yun, dun sa batong kahon na naroon sa ibabaw ng bundok. At di mapanatili nung batong kahon ang tubig. At umaawas lang ‘yun doon, at inaanod ang lahat na mga basura’t mga patpat, at lahat na na naroon, at inaanod ‘yun at umaagos pababa ng bundok. At umagos ‘yun sa kanyang paanan, at nakatayo siya roon sa mga inanod na ‘yun, mangyari nga na di ‘yun dumikit sa kanya.

¹⁰³ At—at pagkatapos tinanong niya kung bakit di ‘yun mapanatili nung kahon, at sabi nung lalaki, “Hindi ito tubig. Ang Espiritu Santo ito, at,” sabi, “walang makapapanatili Rito.” Tapos sabi, pagkatapos bumalik ang lalaki at kumuha uli ng malaking timba, at puno naman ‘yun ng pulot, at ibinuhos ang pulot dun, sabi, “Ngayon pananatilihin na nito ito.” At iniisip ng kapatid na babae na ‘yung kahon, ‘yung batong kahon, ay sasambulat at matatapon ang pulot, pero hindi. Buo pa rin ‘yun at pinanatili ito.

¹⁰⁴ Bumaling ang kapatid na babae at bumaba ng bundok. Sa pagbaba niya sa bundok, tumigil siya sa paanan ng bundok at tumingin pabalik. Nakakita siya ng limang agos ng puro, at kristal na tubig, na hindi kontaminado ng

anumang bagay na madaanan nito, siyanga't puro pa rin at malinaw, na dumadausdos nang mabilis. Pagkatapos bumagal ito. Pagkatapos, halos papawala na, haya't iniisip niya kung 'yun ba'y aabot sa pinakababa ng bundok, ang limang daloy. Tapos nagising siya.

105 Sa palagay ko halos 'yun na 'yun ito, di po ba, Kapatid na babaing Shepherd?

106 Ngayon, pagkakuha na pagkakuha ko ng liham niya't buksan ito, bago ko pa ito mabasa, nakita ko ang kanyang panaginip.

107 Sa ganyang paraan pinapaliwanag ang mga panaginip. Ngayon, marami sa inyo ang lumalapit sa akin na may mga panaginip, at—at sinasaysay sa akin ang mga bagay-bagay tungkol sa mga panaginip. Sinasabi ko, "Sandali lang. Hindi mo sinasaysay ang lahat." Kita n'yo? At babalikan ko 'yun at isasaysay uli. Mangyari nga na kung di mo masaysay ang napanaginipan mo, paano n'yo malalaman kung ang interpretasyon ay tama o mali? Kita n'yo? Kailangan n'yo ngang maisaysay, kailangan n'yong makita mismo ang panaginip. Ipinapakita ng isang pangitain ang panaginip. At kapag nakita n'yo ang panaginip na napanaginipan ng tao, at masasaysay n'yo bago pa nila 'yun saysayin, kung ganoon alam mo ang interpretasyon.

108 Buweno, naniniwala ako na 'yan ay nasa Kasulatan, din, kay Daniel, isang beses. Tama po ba? Sabi. . . Oo. Sa palagay ko haya't bigla ko lang itong naisip. Kita n'yo?

109 Pero lagi n'yong makikita ang panaginip, ngayon, kung ang interpretasyon ay tama. May tao na magsasabi sa'yo ng panaginip, mapapahinto mo nga siya, masasabi, "Sandali lang. At diba't *ganito-at-ganoon*. Siyanga't *ganito-at-ganoon*, tapos *ganito-at-ganoon*."

At pagkatapos sasabihin n'yo, "Ganoon na ganoon nga ito." Kita n'yo?

110 May isang lalaki, noong isang araw, sinusubukan niyang sabihin sa akin ang panaginip na napanaginipan niya. Sabi niya, "Buweno," sabi niya. . .

Sabi ko, "Ngayon, kapatid, bakit di mo isinali ang isang bahagi na 'yun?"

Sabi niya, "Ano pong ibang bahagi?"

111 Sabi ko, "Napanaginipan mo na naghagis ka ng isang bato sa ere, at binaril ko 'yun at nalagyan ako sa mata."

112 Sabi niya, "Ganyan na ganyan po, Kapatid na Branham." At pagkatapos tinuloy niya ang kuwento sa bahagi na 'yun, kahapon. Uh-huh.

113 Kaya hayan po. Kita n'yo? Kita n'yo? Bakit? Hindi n'yo man sabihin ang katotohanan nito, pero, nakita n'yo, lagi Nitong inihahayag ang sarili nito, kung ano, na sasabihin sa inyo ang inyong panaginip, kung ano ang napanaginipan n'yo. Kaya nalalaman n'yo na tama ito.

114 Ngayon, heto ang interpretasyon ng kanyang panaginip. Siya'y naliligalig ukol sa Espiritu Santo. Ngayon, mangyari nga na ang nakita niyang kahon sa ibabaw ng bundok, ay bato. Batong kahon, ang *bato*, ay "pagtatapat." Ngayon, gaya ng sinabi ni Jesus sa Kasulatan. Sabi Niya, sabi ni Pedro. . . "Sino," sabi ni Jesus, "sino ang sabi ng mga tao kung sino Ako, na Anak ng tao, baga?"

"May isa na nagsasabi Ikaw si 'Elias,' at 'Moises,' at iba pa."

Tapos sabi Niya, "Pero ano ang sabi ninyo kung Sino Ako?"

Sabi niya, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos."

115 Ngayon, may ilang tao ang nagsasabi ngayon, haya't sinasabi ng iglesyang Katoliko, sinasabi po ng iglesyang Romano Katoliko, na ang Kanyang pag-. . . "Kung ano ang bato, na tinuturing sa sinabi ni Jesus, 'Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno ay hindi magsisipanaig laban Dito.'" Ang sabi nila, "Si Pedro Ito. At si Pedro raw ang bato na 'yun,' dahil ang ibig sabihin ng *Pedro* ay 'munting bato.' 'Sa ibabaw ng munting bato ay itatayo Ko ang Aking Iglesya.'" At sa ibabaw ni Pedro, sa kanilang, apostolikong paghali-halili, ay itinayo raw nila ang iglesya.

116 Tapos ang sabi ng iglesyang Protestante, "Mali 'yan. Mangyari nga, na Kanyang itinayo sa Kanyang Sarili ang Iglesya."

117 Ngayon, hindi sa di pagsang-ayon, pero, ako, ang paraan ng pagkakita ko rito, parehong mali. Dahil, hindi niya Ito kailanman itinayo sa ibabaw ni Pedro, at hindi rin Niya Ito itinayo sa Kanyang Sarili, anupa't ito'y sa ibabaw ng kapahayagan ni Pedro kung Sino Siya. Kita n'yo?

"Sino ang sabi ng tao, na Ako na Anak ng tao?"

"Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos."

118 "Mapalad ka, Simon, anak ni Jonas. Laman at dugo'y hindi ito inihayag sa iyo," na kung anong seminaryo, kita n'yo, "kundi ng Aking Ama na nasa Langit ay naghayag sa iyo. Ikaw si Pedro. Sa ibabaw ng batong ito ng paghahayag, sa ibabaw ng kapahayagang ito, Aking itatayo ang Aking Iglesya."

119 At ganoon 'yun sa tuwina, bawat kapanahunan ng iglesya ay kamit ang bato na 'yun ng pagpapahayag, hanggang dito sa bato ng pagpapahayag ng Laodicea.

120 At, ngayon, hindi kayo makagagawa ng isang banal na iglesya. Walang ganoong bagay na isang banal na iglesya o

banal na organisasyon. Ang Espiritu Santo'y maipapangaral sa loob nun, pero doon ay makasusumpong kayo ng mabubuti't masama, mga suwail, mga malalamig ang loob, at lahat na ng iba. Kaya hindi makakapanatili ang isang organisasyon. Hindi n'yo masasabi, "Kamit namin Ito. Wala sa kanila ang kamit Ito." Hindi, po. Ang Espiritu Santo'y ibinubuhos sa mga indibiduwal. Sa indibiduwal po.

¹²¹ Kaya, samakatwid, ang bato, itong panghuling-araw, na pentecostal na Iglesia na nakatanggap ng Espiritu Santo, nagawa nila 'yun nung una. Tumugaygay ito sa mga kapanahunan, na kanilang natanggap ang Espiritu Santo, pero hindi sa sukat na nakamit nila Ito ngayon, dahil ito'y isang pagpapanauli ng una. Sa pagtugaygay natin sa mga kandelerero, Alpha at Omega, kung papaanong sinindihan ang unang kandelerero; ito'y pumaitaas nang pumaitaas, at lumamlam nang lumamlam; pagkatapos ay bumalik uli. Kita n'yo? Ang una at huli, at iba pa.

¹²² Ngayon, pero sa kapanahunan na ito ng iglesia, ang Mensahe ay ibinubuhos sa iglesia. Pero ang iglesyang katawan, mismo, sa kabuoan tulad ng. . .

¹²³ Itong tabernakulo, sasabihin natin. (Diyan sa kung saan siya nagsisimba.) Itong tabernakulo na ito ay hindi isang Espiritu Santong tabernakulo. Walang ganoon. Ang mga indibiduwal na pumapasok dito sa simbahang ito ay ang Espiritu Santong mga tabernakulo. Sila ang mga tabernakulo na nilalaman ang Espiritu Santo, pero hindi ang iglesia sa katawan, na isang grupo. Kaya naman, Ito'y umaawas.

¹²⁴ Pero, ano, itong lalaki na nagbubuhos ng tubig, ang mensahero para sa iglesia, na nagbubuhos ng Mensahe sa iglesia, pero ano ang ginagawa nung tubig? Inaanod nito ang lahat ng mga basura na nasa loob nito. Yan ang ginagawa ng Espiritu Santo, inaanod 'yun, ngayon.

¹²⁵ Ngayon, isinasagisag ng pulot ang pag-ibig sa kapatid, mabuting kalooban sa kapatid, na itong kapanahunan na ito. Kababanggit ko lang, kita n'yo, ukol sa mabuting kalooban sa kapatid, itong kapanahunan na kinabubuhayan natin ngayon.

¹²⁶ Ngayon, marahil sasabihin n'yo, "Tingnan n'yo, di ko—di—di ko sadyang gusto si Kapatid na Neville." O, "Di ko sadyang gusto si Kapatid na Jones. Di ko gusto si Kapatid na *Ganito-at-ganoon*," at parang ganoon. Pero hayaan n'yong may bagay na mangyari sa kanya, kapatid, ang puso n'yo ay mababagbag. Para bang pinapatay kayo nito. Kita n'yo? Maaari nating kamtan ang mabuting kalooban sa kapatid at ang damdamin para sa isa't isa. Kita n'yo? Pero ang manatili sa isang grupo ng mga tao. . .

¹²⁷ Bakit ka nagmamalasaakit sa kapatid na 'yun? Dahil nakipagputol-putol ka ng tinapay kasama siya rito sa may altar, gaya ng gagawin n'yo mamayang gabi. Ikaw ay may

pakikipagbuklod sa kanya. Kinakamayan mo siya. Sumasamba ka kasama siya. Siya'y kapatid mo. At marahil may gagawin siyang kung anong bagay sa laman, na di ka sang-ayon, dahil marahil pumipirmi ka lang, (na hindi mo dapat gawin), anupa't medyo iniwasan mo siya. Pero sa kaibuturan ng puso mo, kung may bagay na mangyari sa kapatid na lalaking 'yun, halos ikamatatay n'yo, o sa kapatid na babaing 'yun.

¹²⁸ Ako—ako'y matanda nang lalaki. Ako'y dating bata, at ngayon matanda na ako. Nakita ko, sa pagtugaygay ng panahon, na ganoon. Naririnig ko ang mga tao na sinasabi, "Ayaw ko nang magkaroon ng anumang kinalaman sa taong 'yun." At may mangyayari dun sa taong 'yun, 'yun ay halos ikamatatay niya. Iisipin niya, "Oh Diyos, pinabayaan ko ang pinakamamahal kong kapatid, nang hindi nakikipag-ayos sa kanya." Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Pag-ibig sa kapatid. Mukhang hindi 'yun makakapanatili, pero nakakapanatili nga. Ang pulot, nananatili 'yun.

¹²⁹ Ngayon, 'yun namang pagbaba niya mula roon, pababa ng burol, papunta sa paanan ng burol, ngayon, itong maringal na tubig na umaagos daw sa ibabaw ng mga burol, sa limang daluyan. Ngayon, ang bilang na lima ay bilang ng biyaya; J-e-s-u-s, p-a-n-a-n-a-m-p-a-l-a-t-a-y-a, b-i-y-a-y-a. Kita n'yo? Ang bilang na lima ang bilang ng biyaya. Limang daloy ang bumababa mula rito sa labangan, pababa *rito*.

¹³⁰ Bawat isa sa mga kapanahunan na ito ay kamit ang batong pagpapahayag. Ang mga banal ay natutulog, naghihintay, naghihintay, naghihintay, naghihintay, kita n'yo, hanggang sa kapanahunang ito. Pero hindi magtatagal ang Espiritu Santo, na ibinuhos mula kay Cristo, ay darating at tatatakan ang Iglesya. Pagkatapos ang Iglesya ay aagawin. Magiging kumpletong yunit na ito ng Diyos, isang Nobya para kay Cristo, na siyang magiging Ulo ng lahat na mga bagay. Nasusundan n'yo po ba ako? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

¹³¹ Ngayon, napapaisip siya. Ngayon, sa kanyang panaginip, napapaisip siya, "Ito bang munting daloy na ito... Ito bang munting daloy na ito'y aabot hanggang sa ibaba?" Kita n'yo? Natutuyo kasi 'yun. Ngayon, dahil ganoon, siya mismo. Ngayon heto ang nais kong tunguhan n'yo ngayon. Siya mismo'y nag-iisip ukol sa kanyang sarili. Siya kaya'y "kamit ang Espiritu Santo"?

¹³² Ngayon, iniwasan kong sabihin ito, mga ilang araw ang nakararaan, na iniisip ko na ang iglesya kaya'y sapat ang pagka-espirituwal na masalo ito. At marahil mas mainam na pahintuin ko ang teyp na ito ngayon, dahil sa ayaw kong kumalat ito sa gitna ng mga kapatiran. Anupa't makapagsasalita kayo ng mga wika, makasisigaw kayo, makasasayaw, makakapagpalayas ng

mga diyablo, magagawa ang anuman na nais n'yo, at di pa rin kamit ang Espiritu Santo.

¹³³ Hindi ba't sila na mga alagad ay bumalik noon, na nagbubunyi at sumisigaw dahil ang mga diyablo raw ay napasailalim nila, at si Jesus . . . na kasa-kasama nila si Judas?

¹³⁴ Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Sa araw na yaon," sa pagdating Niya, na, "marami ang lalapit sa Akin at magsasabi, 'Panginoon, hindi ba't nagpalayas ako ng mga diyablo, at sa Iyong Pangalan ay gumawa ng dakilang mga gawa?' At sasabihin Ko, 'Umalis kayo mula sa Akin, kayo na manggagawa ng katampalasan. Hindi Ko kayo nakikilala.'" Ang mga bagay na 'yun ay hindi mga indikasyon ng Espiritu Santo.

"Sa pamamagitan ng kanilang bunga n'yo sila makikilala."

¹³⁵ Ngayon sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, kami ba, dapat ba kaming magsalita ng iba't ibang wika?" Walang pasubali. Mga kaloob 'yan ng Diyos. Pero ang mga kaloob ng Diyos, kapag wala ang mga mabubuting katangian na kalakip, ay magiging katitisan sa mga di-mananampalataya. Hindi 'yan tatanggapin ng Diyos.

¹³⁶ *Ito* ang kailangan muna. At kapag mayroon kang pananampalataya, kabutihan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, kabanalan, at pag-ibig sa kapatid, kung ganun ay bababa ang Espiritu Santo at tatatakan kayo bilang isang yunit, sa parehong paraan na Kanyang tatatakan ang mga kapanahunan ng iglesya bilang isang yunit. Ang paraan na Kanyang ginagawa ang Kanyang Nobya ay ang siya ring paraan na Kanyang ginagawa ang Kanyang indibiduwal; gawa sa siya ring materyales, gaya ng kung papaanong si Eba'y gawa mula kay Adan, na isang tadyang mula sa tagiliran. *Heto* ang mga bagay na dapat n'yong makamit unang-una. Hindi n'yo madadaan sa pagpapanggap ang mga ito. Hindi n'yo magagaya-gaya ang mga ito. Kinakailangan na kayo'y ipinadala-ng-Diyos at ipinanganak-ng-Diyos. Magdudulot lang ng kalituhan ang panggagaya.

¹³⁷ Gaya ito ng nabanggit ko na noon. Maiisip n'yo ba ang isang buwitre na nakadapo roon na may nakadikit na balahibo ng kalapati sa kanyang mga pakpak, sasabihin, "Tingnan n'yo, isa akong kalapati!" Hindi siya isang kalapati. Isa siyang buwitre, isang ibong-ganid. Maiisip n'yo ba ang isang itim na ibon na may balahibo ng pabo sa kanyang mga pakpak, at magsasabi, "Kita n'yo!"? Bagay lang 'yun na idinikit niya roon.

¹³⁸ Anupa't kinakailangan na manggaling sa loob, at magbubunga 'yun ng pagka-Cristiano; ang Diyos, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo!

¹³⁹ Ang paa ng ating kapatid na babae'y nabasa sa pagdako niya roon sa ibaba. Lahat tayo'y alam natin na si Kapatid na babaing Shepherd ay mapagkawang-gawa. Bukas ang kanyang bahay.

Siya at ang kapatid na lalaki, hindi alintana kung ito ma'y palaboy, pulubi, anumang, pakakainin nila, gagawin ang lahat ng magagawa nila para matulungan ang tao. Oh! Tinanggap 'yan ng Diyos, ang pundasyon niyang bahagi.

¹⁴⁰ At heto, ngayon, kunin n'yo ang aral na ito. Heto ang mali sa—sa... Ako po'y kagagalan dahil dito. Heto ang mali sa Branham Tabernacle. Kita n'yo, may dalawang klase ng pananampalataya. May dalawang klase ng kabutihan, gaya ng natalakay ko nung isang araw. Dalawang klase ng kaalaman. Dalawang klase ng pagpipigil.

¹⁴¹ Ang isa'y iniisip na pagbabawal 'yun, 'yun ang kuha nila. Hindi 'yan ang pagpipigil na sinasabi ng Diyos. Yun 'yung di maka-Diyos, na di-mapigil na init ng ulo na mayroon ka, at mga bagay sa bahagi na 'yun, mabilis gumanti, mabilis makipagtalos.

¹⁴² Pagtitiis, at iba pa, may pagkukunwari nga ukol dito, isang pagpapanggap; isang likas na pananampalataya; isang likas na kabutihan. May likas na pagpipigil. Lahat ng mga bagay na ito'y likas.

¹⁴³ At ang pinakamalaking bahagi ng ating pananampalataya ay mental na pananampalataya. Sa pamamagitan ng pakikinig sa Salita, dinadala tayo nito sa isang mental na pagkilala sa Diyos.

¹⁴⁴ Pero kung Ito, na nanggagaling mula sa Itaas, oh, kapatid, kung Ito'y tatama *rito*, may maka-Diyos na espirituwal na pananampalataya. Pagkatapos anong gagawin ng pananampalataya na 'yan? Ang tanging kikilalanin ng pananampalatayang 'yan ay ang Salita. Kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng iba, ang tanging kikilalanin nito ay ang Salita, dahil, "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos." At ang Salita ay nananatiling Diyos. "At ang Salita ay nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin." At kapag ang Salita Mismo ay bumubuhos patungo sa ating pananampalataya, ang ating mental na pananampalataya ay nagiging isang espirituwal na kapahayagan.

¹⁴⁵ "At sa ibabaw ng pundasyon na ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya." Kita n'yo? Hindi sa ibabaw ng isang mental na kaisipan ng pakikianiib sa iglesya, na isang mental na kaisipan ukol Doon; kundi sa ibabaw ng isang kapahayagan, kapag ang mga daloy na 'yun ng biyaya'y bumuhos patungo sa mental na pananampalataya na mayroon kayo. Kung ganun, sa ibabaw nito, ay isang espirituwal na kapahayagan, "Aking itatayo ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng impyerno'y hindi makakapanaig laban Dito." Kita n'yo? Ipinapakita n'yan na sila'y magiging laban Dito, pero hindi ito mananaig kailanman. Oh, napaka maluwalhating bagay! Ngayon kita n'yo ang pananampalataya. Ang limang daluyan na ito...

May kapirasong ng yeso ako rito, pero sa palagay ko hindi niya ito nailabas.

¹⁴⁶ Pero ang limang daluyan na nakikita n'yo na bumababa rito, ay pinaglalakip *ito*. Ang Espiritu Santo nga ang nagpapaging sa iglesya ng Efeso. Ang Espiritu Santo ang nagpanganak sa iglesya ng Smirna. Ang Espiritu Santo ang nagkaloob sa iglesya ng Pergamo, at sa iglesya ng Tiatira, sa Madidilim na mga Kapanahunan noon. Ang Espiritu Santo ang bumuo sa Nobya na 'yun, ang mga Hirang na hinatak palabas mula sa lahat ng mga sistemang organisasyon sa lahat ng mga kapanahunan, katulad nun. May Hirang, isang predestinadong Nobya ni Jesus Cristo, ang Hirang na tinawag palabas ng Espiritu Santo. At ang Espiritu Santo ito sa kapanahunan na *ito*, kapanahunan na 'yun, kapanahunan na 'yun, 'yun, 'yun, 'yun, hanggang sa umabot sa taas, ang Espiritu Santo.

¹⁴⁷ At ngayon sa mga indibiduwal naman, ang mga katangian na ito't mga bagay-bagay, ay ang kaalaman at pagpipigil, ay idinadagdag sa ating pananampalataya. Pagkatapos kapag dumating na ang Pangulong Bato, sesementuhan Ito ng Espiritu Santo na maglakip. Hayan ang bautismo ng Espiritu Santo. Yan ang dahilan kung bakit napaka-kaunti nito sa panahon ngayon.

¹⁴⁸ Akin lang pong tingnan dito, may ilang mga teksto ako na naisulat dito. Tingnan natin. May larawan ako na naiguhit dito, para sa panaginip niya. Kita n'yo? Hindi n'yo lang ito makita mula riyang.

¹⁴⁹ Ngayon, galing sa Espiritu Santo, ano ang parating? Pagkatapos Kanyang ibibigay sa inyo, ang sobrenatural na pananampalataya, espirituwal na pananampalataya, *dito* sa ibaba. Pagkatapos nga'y kikilalanin ng espirituwal na pananampalataya ang Salita lamang. Kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng iba, hindi 'yun—hindi 'yun magdudulot ng anumang mabuti. Ang tanging kinikilala nito ay ang Salita. Kung may magsasabi, "Ang mga araw ng himala'y lipas na." Ang tanging kinikilala ng pananampalataya na 'yun ay ang Salita. May magsabi man, "Walang ganyang bagay na bautismo ng Espiritu Santo." Ang tanging kinikilala ng pananampalatayang 'yan ay ang Salita. Yan ang tunay, na espirituwal na pananampalataya, kita n'yo. Ganoon nga. Kita n'yo? Tanging ang Salita ang kinikilala nito.

¹⁵⁰ Hayan nga, 'yan po ang bilang isa. Una, dumadako sa inyo, ang inyong mental na pananampalataya rito, pagkatapos heto na ang Espiritu Santo na bumababa patungo sa inyong mental na pananampalataya, na pinagiging espirituwal na pananampalataya ito. Pagkatapos ang espirituwal na pananampalataya'y kikilalanin lamang ang Salita.

¹⁵¹ Ngayon, at pangalawa, pangatlo. Pagkatapos makakamit n'yo ang espirituwal, makakamit n'yo ang Espiritu Santo,

at tatatakan ang lahat ng mga bagay na *ito* sa inyo, habang tinatakpan *ito* ng Espiritu Santo. Mula sa inyong pananampalataya, hanggang sa Espiritu Santo, na tatatakan kayo kay Cristo. Pagkatapos magiging Isa kayo. Amen. (Alisin n'yo lang ito sa harap ko; mangangalay ang braso mo.) Kayo'y magiging isa. Kita n'yo, ikaw at si Cristo ay mamumuhay nang magkasama. "Sa araw na yaon ay makikilala n'yo na Ako'y nasa Ama, ang Ama ay nasa Akin; Ako sa inyo, at kayo sa Akin." Kita n'yo? Kaya isang tinataakang yunit 'yan ng Panginoong Diyos.

¹⁵² Ngayon, at pagkatapos sila'y pinatotohanan at inilagay sa puwesto. Kapag darating ang panahon na 'yun, sila'y magiging pinatotohanang mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos.

¹⁵³ Naaalala n'yo, doon sa Aklat ni Mateo, sa ika-17 kabanata, sa una at ika-5 talata, si Jesus doon sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo?

¹⁵⁴ Napakinggan n'yo na ang *Siya Ang Inyong Pakinggan*. Yung pangangaral na akin pong, dito isang taon na ang nakararaan, ay ipinangaral, na naging kilalang-kilala, *Siya Ang Inyong Pakinggan*. Ang paglalagay sa puwesto ng isang anak, sa Mga Taga-Efeso 1:5 rin, "Itinalaga na tayong Diyos nang una pa sa pagkukupkop ukol sa mga anak."

¹⁵⁵ Kita n'yo, sa isang pamilya, kapag ang isang anak na lalaki'y ipapanganak dun, isa na itong anak. Pero ang anak na 'yun ay may mga tagapagturo na palalakin ito. At kung ang anak na 'yun ay di nakarating sa—sa pagiging nararapat na uri na isang anak, siya'y hindi magiging tagapagmana. Pero kung siya'y nararapat na anak, at ang anak na susunod sa kanyang ama, kung ganoon nga'y kukupkupin ang anak na 'yun, at ilalagay sa pagkakaposisyon. Siya'y magiging tagapagmana ng bagay na taglay ng kanyang ama.

¹⁵⁶ At 'yun ang ginawa ng Diyos sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo. Noong kunin Niya ang Sarili Niyang Anak, matapos na mapatunayan na Siya'y ang nararapat na Anak, kita n'yo, at nanaig sa lahat ng mga tukso, Kanyang kinuha Siya sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo at nililiman Siya.

¹⁵⁷ Alam n'yo, sa Lumang Tipan, kinukuha nila ang isang anak, dadamitan siya nang mainam, na magandang kasuotan, at ipapakita siya sa harap ng publiko. At magkakaroon sila ng isang seremonya ng paglalagay sa posisyon, o tinatawag natin itong pagkukupkop. Sa Mga Taga-Galacia rian, para pong iniisip ko si Pablo na tinuturing ito na pagkukupkop ng mga anak. Ngayon, pero, ang paglalagay ng isang anak, siyanga't mauunawaan ito ng mga ministro, at mga espirituwal, na mga nagbabasa ng Biblia, itong paglalagay sa anak na ito. Sa madaling sabi, ang anak ay isang anak noong siya ay ipinanganak.

158 Diyan nagkamali ang mga kapatid nating Pentecostal. Ang maipanganak sa pamilya, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, tama 'yan, pero pagkatapos nga'y dapat tayong maging nararapat na uri ng mga anak, na tinuruan ng tamang Tagapagturo. Kita n'yo?

159 Ngayon, kung ang isang lalaki, noong sinaunang panahon, ang kanyang mithi para sa kanyang anak, nais niya na siya'y maging nararapat na uri ng anak, kukuha siya ng pinaka magaling na tagapagturo na mahahanap niya, ang pinaka magaling na guro mismo, dahil nais niya na ang kanyang anak ay lumaki na tulad ng tatay nito. Kita n'yo? Kaya kukuha siya ng tamang tagapagturo.

160 Ngayon, kung ang isang lalaki sa lupa'y iisip na kukuha ng pinaka mainam na tagapagturo, ano pa kaya ang Diyos, na ating Ama? Ngayon, hindi Siya kailanman kumuha ng mga obispo, at mga kardinal, at mga pari. Ang kinuha Niya ay ang Espiritu Santo para maging Tagapagturo natin. At ang Espiritu Santo ang Guro natin. At Siya—Siya'y nasa Iglesya, at Siya'y nagbabalita sa Ama.

161 At pagkatapos paano kung ang ama, o, ang tagapagturo'y dadako at sasabihin, "Buweno, Ama..." Ngayon, hindi siya kukuha ng kung anong uri ng tagapagturo na nais lang ay tangkay sa kanyang sumbrero, alam n'yo, isang balahibo, gaya ng tawag natin. Sasabihin, "Oh, kung magsasabi ako sa ama ng bagay tungkol... Haya't ang munting batang lalaki'y isang masuwayin, naman talaga, pero kung—kung ang sasabihin ko sa ama, marahil bibigyan ako ng ama ng dagdag na sahod." Hindi 'yun tamang uri ng tagapagturo kung ganoon. Ang isang tamang uri ng tagapagturo ay tapat, sasabihin ang katotohanan.

162 At sinasaysay ng Espiritu Santo ang Katotohanan kapag Siya'y dumadako roon sa harap ng Diyos, tungkol sa atin. Siyanga. Kaya sa pagtungo Niya roon. Ano sa palagay n'yo? Mamumula Siya sa pagsabi, "Ang mga anak Mong babae'y nagsisipagputulan ng kani-kanilang buhok, at yamang sinabi Mo na sa kanila na huwag itong gawin. Ang mga anak Mong lalaki'y maka-organisasyon ang kaisipan, hindi nila kayang magkitaan man lang sa isa't isa. Ganoon nga. At tinatanggap nila 'yung *ganito* sa halip na Ito, at *ito* sa halip na Iyon." Tunay nga na mamumula Siya! Pero ganoon na lamang na iibigin ng Tagapagturo na 'yun na dumako roon at sasabihin, "Oh, grabe! Ang anak na 'yun ay isang tunay na anak. Katulad na katulad siya ng Ama." Oh, ganoon na lamang na gustung-gusto Niyang sabihin 'yan! Kita n'yo?

Pagkatapos ang Ama'y magmamalaki sa kagalakan, sasabihin, "Ito ang anak Ko!"

163 Yan mismo ang ginawa ng Diyos sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo. Pansinin n'yo, doon ay nagpakita si Moises at Elias.

At si Pedro, sa sobrang kagalakan; na may napangyaring sobrenatural. Sobrang nagalak si Pedro, sabi, “Magtayo tayo ng tatlong tabernakulo, isa para sa Iyo, at isa para kay Moises, at isa para kay Elias.”

¹⁶⁴ Habang nagsasalita pa lang siya, pinatikom na siya ng Diyos. Sabi Niya, “Ito ang sinisinta Kong Anak na Siya Kong kinalulugdan. Siya ang inyong pakinggan.” Kita n’yo? Inilalagay ng Diyos ang Kanyang Sarili sa likuran, at, “Ito ang Aking Anak.”

¹⁶⁵ Sinasagisag ni Moises ang batas. Sinasagisag ng mga propeta ang Kanyang katarungan. Hindi natin kayang mabuhay sa pamamagitan ng Kanyang batas. Hindi natin kayang mabuhay sa pamamagitan ng Kanyang katarungan. Hindi ko hinihiling ang katarungan. Ang nais ko’y habag, hindi katarungan. Hindi ko kayang tupdin ang Kanyang batas, at hindi ko kayang harapin ang Kanyang katarungan. Anupa’t ang kailangan ko ay Kanyang habag. At sinabi ng Diyos na ang batas at katarungan ay kinatagpo na sa Kanya. “Siya ang sinisinta Kong Anak. Siya ang inyong pakinggan. Siya ito. Ito nga ito.”

¹⁶⁶ Ngayon, sa Lumang Tipan kapag ang anak na ’yun ay kinukupkop, o inilalagay na sa posisyon sa loob ng pamilya, ang pangalan niya’y magiging kasing inam na mismo sa tseke kung gaano ka inam ang pangalan ng tatay niya. Siyanga, po. Wala silang . . . May singsing sila, noong mga panahon na ’yun, na isang—isang tanda, pantatak. At sila’y . . . [Nagmumuwestra si Kapatid na Branham ng padurang tunog at pinalo ang pulpito—Pat.] Duduraan ’yun, ipasusuot ’yun, ’yung pantatak. Yun nga’y kasing . . . Suot-suot na niya ang singsing ng kanyang tatay, ang kanyang pantatak. At ’yun ay kasing bisa ng sa tatay niya.

¹⁶⁷ Ngayon, noong si Jesus ay naging masunurin, si Jesus sa Diyos, inilagay Siya ng Diyos sa pagkakaposisyon, “Heto Siya.”

¹⁶⁸ Ngayon, kapag ang isang miyembro ay ipapanganak sa pamamagitan ng Espiritu Santo sa pamilya ng Diyos at napatunayan na taglay ang mabubuting katangian na ito sa kanya, na nakikita ng Diyos ang kagalangan, kaalaman, pagpipigil, pagtitiis, mabuting kalooban sa kapatid, at kabanalan, sa kanya, at pagkatapos tatatakan siya ng Diyos, o ilalagay siya sa posisyon. At, diyan, sa ganyan n’yo makikita ang mga anak na lalaki’t mga anak na babae ng Diyos.

¹⁶⁹ Tapos, sinasabi ng Mga Taga-Efeso 4:30, “Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa kanya’y natatakan kayo hanggang sa Araw ng inyong katubusan.” Ngayon, ilan sa inyo na mga Baptist na nais makarating sa Walang Hanggang kasiguraduhan, ngayon, kung dadako kayo sa yugto na ’yun, ako’y titindig kasama n’yo. Walang Hanggang kasiguraduhan ito kapag kayo’y makarating sa puntong ’yun.

170 Pero 'yung basta lang sasabihin, may kung sinong magsasabi lang, "Umanib ako sa iglesyang Baptist. Isa akong Presbyterian. Taglay ko na ang Walang Hanggang kasiguraduhan." Mali 'yan. Yang sarili n'yong buhay ang nagpapatunay na hindi n'yo pa Ito kamit, hanggang sa Ito ay dapat na naroon na.

171 At kapag kinupkop na kayo ng Diyos at tinatakan na kayo sa pamamagitan ng Espiritu Santo tungo sa Kanyang Kaharian, kung ganoon ay wala nang pagwawaglit. Walang Hanggan na kayong ligtas. Nanampalataya. "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos na sa kanya'y lahat kayo at ang inyong maka-Diyos na mga katangian ay tinatakan na hanggang sa Araw ng katubusan."

172 Naniniwala ako na may isang Nobya na itinalaga na noong una. Naniniwala ako na sinabi ng Diyos na Siya'y magkakaroon ng "isang Iglesya na walang bahid o kulubot." Naniniwala ako sa paunang pagtatalaga, na ang Nobya ay predestinado. Siya'y marapat lamang na Naroon. Umaasa ako na ako'y kabilang sa Kanya. Na, kita n'yo, ako'y kabilang sa Kanya. Ngayon nakasalalay na sa akin na lubusin ang gawain ng aking sariling pagkaligtas sa Diyos, hanggang ang mga bagay na *ito'y* mapagtibay ng Diyos, at pagkatapos tatatakan tungo sa Kaharian ng Diyos. Hayan ang Espiritu Santo. Hayan ang dalisay na mga gawa ng Diyos. "Ito'y natatakan hanggang sa Araw ng katubusan."

Yun ang panaginip ng kapatid na babae. Sa palagay ko ang ganda nito.

173 Ngayon, kaya naman, kapag gagawin Niya 'yan, kapag ang Iglesya na 'yun ay makararating sa dakong ito, o ang indibiduwal, ang Iglesya'y talagang makararating Doon. Hayaan n'yong sabihin ko ito nang malinaw para makuha n'yo. Ang Iglesya'y predestinado na Maparoon. Nais kong makabilang Dito, pero ang tanging paraan na ako'y mabibilang Rito, ay ang maging bahagi Nito. Paano ako magiging bahagi Nito? Sa pamamagitan ng pagpasok sa loob Nito. Paano ako makakapasok Dito? Sa pamamagitan ng isang bautismo, sa pamamagitan ng isang Espiritu. Unang Mga Taga-Corinto 12, "Sa pamamagitan ng isang Espiritu lahat tayo ay nabautismuhan tungo sa iisang Katawan." Isang Katawan; na binautismuhan papasok Dito.

174 Pero hindi n'yo maididikit ang mumunting bagay na ito, na sasabihin, "Nakapagsalita ako sa iba't ibang wika. Taglay ko na Ito." Tapos lumalabas ka pa rin dito, at galit, at nagmumura, at kung anu-ano ang ginagawa. Kita n'yo? Yan nga'y paglalagay lang ng balahibo ng pabo sa isang—sa isang ibong jay. Kita n'yo? Hindi n'yo puwedeng gawin. Ang sarili n'yong buhay ang patunay na hindi.

¹⁷⁵ Pero kapag ang mga bagay na ito’y kumikilos sa inyo, sa pamamagitan ng Diyos, kung ganoon kayo’y natatakan na. Mangyari nga na wala nang pagpapanggap-panggap ukol dito. Ipinapakita mo ang sarili mo mismo. Yan ’yung pagkakataon na ang mga pangitain, ganap, na Espiritu Santo, na mga gawa ng Diyos, ang lahat, ay mahahayag, dahil (bakit?) ikaw at si Cristo’y naging isa na. Umaasa ako na nauunawaan ’yan. Ikaw at si Cristo’y naging isa na.

¹⁷⁶ May iba pa ako rito na naisulat dito, na nais kong pagbulayan. Dinadala tayo sa dako ng Buhay. Pagkatapos ikaw ay magiging. . . magtataglay ng Buhay na Walang Hanggan.

¹⁷⁷ Ngayon, may Griyegong lexicon ako rito, *The Emphatic Diaglott*. Nag-aral ako noong isang araw tungkol sa isang salita.

¹⁷⁸ Ngayon, sa Juan 14, o Juan 3:16, nasumpungan natin, sa isang dako ang sabi dun, “magtaglay ng panghabang-panahon na Buhay.” Sa isang dako’y sinasabi naman, “magtaglay ng Walang Hanggang Buhay.” Pero sa Griyego, sa Griyegong bersyon. . . Sa Hebreo, ang sabi rito, “Buhay na walang katapusan.” Sa salitang Griyego, ganito a-i-n-i-o-a-n.

¹⁷⁹ Halos parang “*aeon*.” Ang *aeon* ay “isang espasyo” na hindi maaari, na isang numero na hindi mabilang. Ito’y lampas sa milyong-milyon, trilyon-trilyon, bilyon-bilyon.

¹⁸⁰ Pero ito’y *aionios* ng panahon, Buhay na Walang Hanggan. At ang Ingles na salita para rito ay Walang Hanggan. Alam natin ito bilang Walang Hanggan, *aionios*, o “Buhay na walang katapusan.” Kita n’yo? At kung may Buhay kayo na walang katapusan, paano kayo masasawi? Naging bahagi kayo ng Walang Hanggan. At may isang bagay lang na Walang Hanggan.

¹⁸¹ Si Satanas ay hindi Walang Hanggan. Hindi. Siya’y—siya’y naging Satanas. Ang impyerno ay hindi Walang Hanggan. Ang impyerno’y nilikha lang. Hindi ito Walang Hanggan. At ang mga katawang ito ay hindi Walang Hanggan. Ang mga ito’y nilikha.

¹⁸² Pero ang Espiritu ng Diyos ay Walang Hanggan. Wala Itong pasimula, o wala rin Itong katapusan. At ang tanging paraan na magtataglay tayo ng Buhay na Walang Hanggan, mula sa Griyegong Salita, na *Zoe*, na ang ibig sabihin ay, “sariling Buhay ng Diyos,” tinaglay natin, naging bahagi tayo ng Diyos noong tayo’y naging mga anak na lalaki’t mga anak na babae ng Diyos, at taglay natin ang *aionios* na Buhay. Kaya ang bahagi na nabubuhay, sa atin, na napagkikilala ang Salita na ito, mula rito hanggang *doon*, na kumikilala, ay *aionios* na Buhay, “Buhay na walang katapusan.” Ito’y ang Sariling Buhay ng Diyos na nasa atin. Amen. Whew!

¹⁸³ Noong isang araw, sa biyahe, ako’y nakikipag-diskusyunan, sa Jehovah Witness. Ngayon, hindi naman sa ibinababa ko ang paniniwala ng iba. Marami tayong mga naakay na nakaupo rito, mula sa Jehovah Witness. Isa sa ating mga katiwala ng iglesya

ay Jehovah Witness, *dati*, at siya'y naligtas, siya at ang kanyang pamilya. Ang tatay niya ay isang mambabasa; si Kapatid na Wood at sila. Lahat ng mga kapatid niyang lalaki't mga kapatid na babae ngayon, halos lahat sila'y nakapasok na, tinanggap ang Espiritu Santo, dahil sa mga pangitain na galing sa Diyos na sinaysay sa kanila kung anong mga ginawa nila. At ang bagay na kanilang . . . Kita n'yo? Yun ang nagbunsod.

¹⁸⁴ Ngayon, pero dito, ang Jehovah Witness sa kanilang aklat, sinasabi nila na ang hininga na inyong nilalanghap ay ang kaluluwa. Ngayon, hindi 'yun maaari. Yung hininga na nilalanghap n'yo ay hindi kaluluwa. Kung ganoon man, kayo'y—kayo'y sa isang pagkakataon ay isang klase ng kaluluwa, pagkatapos sa ibang pagkakataon ay iba na naman, na nilalanghap n'yo ang kaluluwa na 'yun. Tingnan n'yo kung saan kayo sa ganyan. Ngayon, ang hininga ay hangin, at ang hangin ang nilalanghap n'yo sa mga butas ng inyong ilong.

¹⁸⁵ Ngayon, binase nila ito sa Kasulatan, “At hiningahan ng Diyos ang kanyang mga butas ng ilong ng Hininga, at siya'y naging isang buhay na kaluluwa.” Ngayon, nais kong tanungin kayo ng isang bagay. Kung isa siyang tao, anong klase ng hininga ang nilalanghap niya bago siya hingahan ng Diyos ng Kanyang Hininga ng Buhay? Kita n'yo? Anong klase ng hininga? Siya'y humihinga, na taong buhay. Buweno, hayan nga, kung ganoon, hayan nga't ang bawat hayop pala'y isang buhay na kaluluwa, dahil lumalanghap pala sila ng kaluluwa ng tao, at ang ating kaluluwa, at lahat ng ito na lakip-lakip. Kung ganoon ay di pala kailangang mamatay ni Jesus. Ang handog na hayop ay magiging sapat dapat. Kita n'yo? Kaya, kapatid, hindi uubra ang argumento na 'yan.

¹⁸⁶ Pero ang bagay na ginawa ng Diyos, hininga Niya ang Hininga ng Buhay na Walang Hanggan, amen, pagkatapos ang tao'y naging isang buhay na kaluluwa, isang kaluluwa na hindi maaaring mamatay. Ngayon masdan n'yo ngayon. Dudukot tayo ng pulot, na abot mismo hanggang sa inyong siko. Pansinin. “Hiningahan ng Hininga ng Buhay na Walang Hanggan sa mga butas ng kanyang ilong, at siya'y naging isang Walang Hanggang kaluluwa.” Dahil, ang Diyos ang huminga, hindi bagay na ginawa ng kalikasan, kundi bagay na ginawa ng Diyos, hiningahan ng Hininga ng Buhay sa butas ng kanyang mga ilong, at siya'y naging isang buhay na kaluluwa.

Pagkatapos sasabihin n'yo sa akin, “Namatay rin naman si Adan, Kapatid na Branham.”

¹⁸⁷ Pero alalahanin n'yo, bago namatay si Adan, may kordero siya na tumubos sa kanya. Hallelujah! “Yaong mga nang una pa'y kilala Niya, Kanyang tinawag.” May kordero siya para tubusin sila. Siya'y isang tipo. Nahulog nga si Adan. Pagkatapos ang kordero'y inilaan para kay Adan, dahil sa mga butas ng kanyang

ilong ay naging Hininga ng Diyos na Walang Hanggan, at siya'y naging isang buhay na kaluluwa. Siya'y isang anak ng Diyos.

¹⁸⁸ Hindi ang kanyang hininga, katulad sa salitang Aprikano. Hindi ko alam kung ano ang Griyegong salita para rito, ngayon. Pero ang Aprikanong salita po, tinatawag nilang *amoyah*, na ang ibig sabihin, “ang hangin; ang di-nakikitang puwersa.” Hinihinga ng mga hayop ang amoyah. Ang mga makasalanan ay humihinga ng amoyah.

¹⁸⁹ Mangyari nga na kung ganoon bakit tayo nagpapakahirap para sa Buhay na Walang Hanggan, kung ito ay 'yung Walang Hanggang kaluluwa na ihininga sa inyo sa pamamagitan ng hininga? Bakit tayo magpapakahirap para sa Buhay na Walang Hanggan? Bumabalik po, kapatid. Kita n'yo? Ito—ito—ito'y hindi uubra.

¹⁹⁰ Pero, ang Diyos, lalong-lalo na kay Adan, ay hininga ang Hininga ng Buhay na Walang Hanggan, at siya'y naging isang Walang Hanggang tao sa Diyos. Siya'y may kapangyarihan kagaya ng Diyos. Isa siyang munting diyos. Siya'y diyos ng lupa; hindi Diyos ng Kalangitan, ngayon. Diyos ng lupa!

¹⁹¹ At darating ang araw na ang mga anak ng Diyos ay muling magiging mga diyos. Sinabi 'yun mismo ng Diyos. “Hindi ba't nasusulat sa inyong kautusan, ‘Kayo ay mga diyos’? Kaya naman kung matatawag n'yo sila na Kanyang tinawag na diyos, na dinalaw ng Diyos, paanong mahahatulan n'yo Ako, sa pagsasabi, kapag sasabihin Ko na Ako'y ang Anak ng Diyos?” Kita n'yo? Ngayon papunta na tayo sa malalim na bagay. Ngayon masdan n'yo sa pagtugaygay natin dito.

¹⁹² Ngayon, heto sila. Siya ngayon ay isang anak ng Diyos, pero siya'y nakagawa ng isang pagkakamali. Alam niya na ang ginagawa niya ay mali. Ngayon alalahanin n'yo, hindi nadaya si Adan. Yan mismo ang sinabi ng Biblia. Unang Timoteo 3. “Si Adan ay hindi nadaya, kundi ang babae ang nadaya, na nahulog sa pagsalangsang.” Pero si Adan ay lumakad kasama si Eba, dahil ito ang asawa niyang babae.

¹⁹³ Katulad ni Cristo, na hindi nadaya ni Satanas, pero lumakad patungo sa kamatayan kasama ang Nobya. Sinamahan Niya ang Nobya, para Kanyang matubos ang Iglesya.

¹⁹⁴ Alam ni Adan na siya'y mali, kaya lumabas siya kasama si Eba. Kita n'yo? Pero may kordero na inilaan para sa kanila, na sila'y tinubos.

¹⁹⁵ At ang mga korderong ito, ngayon, na paunang alam na ng Diyos, at tinawag ng Diyos, haya't may isang Manunubos. “Walang sinuman ang makalalapit sa Akin maliban na palapitin siya ng Aking Ama. At lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin.” Tama ba? Kaya may isang inilaang Cordero, mula pa noong itatag ang sanlibutan, kung saan ang kanilang mga pangalan ay inilagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Isang

Cordero ang inilaan, para gumawa ng daan ng biyaya para sa bawat isa sa kanila para magtungo sa pagkabuhay na mag-uli, isang inilaang Cordero; ang kordero ni Adan, ngayon pansinin, yamang si Adan ay may inilaang kordero.

¹⁹⁶ Ngayon, 'yan ang Iglesya sa panahon ngayon. Hindi ko ibig sabihin ang—ang iglesya. Alam n'yo ba kung ano?

¹⁹⁷ Hindi ko sinasabi ito para manlapastangan, at hindi ko sadya na ito'y makasakit ng damdamin ng iba. Hindi ako naparito para gawin 'yan, gaya ng naipaliwanag ko na ang sarili ko. Narito ako para tumulong, pero ang bagay na sinisikap kong gawin. . .

¹⁹⁸ Alam n'yo ba kung ano? Sa totoo lang, ang mga iglesyang ito'y hindi mga iglesya. May nag-iisa lang na Iglesya. Ang mga ito'y kapisanan. Kita n'yo? Ang mga ito'y samahan. Wala po akong. . . Ayos lang po 'yan. Pero nais kong—nais kong patunayan 'yan sa inyo, sa ilang minuto, na mga samahan lang ang mga ito. Kasapi ka sa kapisanang Methodist, sa kapisanang Presbyterian, o sa kapisanang Pentecostal, hanggang doon lang. Oo, um-hum. Mga kapisanan! Kita n'yo? Hindi n'yo. . . Kita n'yo? Ang mga kasimbahanan ay kung tutuusin mga kapisanan lang kung saan ang mga tao na may parehong kaisipan ay tumutungo na magsama-sama.

¹⁹⁹ Pero ang Iglesya ay Iisa. At hindi kayo makaaanib sa Iglesya. Kayo'y ipinanganak Dito. At kapag kayo'y ipinanganak Dito, kayo'y miyembro Nito.

²⁰⁰ Katulad na lang ng pamilya ko. Ako'y nasa pamilyang Branham nang limampu't tatlong taon na. Hindi nila kailanman niyaya ako na sumali sa pamilya. Bakit? Hindi ko kasi kailangang sumali sa pamilya. Ako'y ipinanganak na isang Branham.

²⁰¹ At kayo'y ipinanganak sa Iglesya. Ngayon, itong iba pa'y mga kapisanan lang. Naisip n'yo po ba 'yun? Siyanga, po.

²⁰² Isang araw nagtatabas ako ng damo, at binubulay ko 'yun, buweno, "Ang marilag na santa iglesyang Katoliko," gaya ng tawag nila dito. Ako nga'y patuloy lang sa ginagawa ko roon, nagtatabas.

²⁰³ At may Bagay na nagpahinto sa akin, na napatigil talaga, sabi, "Huwag mong tawagin ito na Ganoon." Tumingin ako sa paligid. Nagsimula akong magtabas uli. Muli pinahinto ako Nito, sabi, "Huwag mong tawagin ang mga ito na Ganoon." Sabi, "Ang mga ito ay kapisanan lang, gaya ng iba pa. Hindi Iglesya ang mga ito. May nag-iisa lang na Iglesya." Kita n'yo? Sila'y miyembro ng isang kapisanan, dahil maaari kang sumapi sa isang kapisanan. Pero hindi ka maaaring umanib sa Iglesya. Ang Iglesya, ipinanganak ka Rito. Nagiging miyembro ka Nito sa pamamagitan ng bagong Kapanganakan, pagkatapos isa ka nang miyembro ng Pamilya, isang kapatid na lalaki o kapatid na babae Rito.

204 Ngayon hayaan n'yong bumasa ako sa inyo nang malakas mula sa *The Emphatic Diaglott* dito, isang bagay, mula sa Apocalipsis 17:3, at sa Apocalipsis ng *The Emphatic Diaglott* dito. At masdan n'yo ito, kung paano ang pagkakabasa rito, at kung paanong—kung paanong ang ganda nang pagkakahambing nito riyan. Apocalipsis 16, 17. Buweno. Ngayon tayo'y bumasa rito pansumandali. Pakinggan n'yo ito, nang maigi, Apocalipsis 17:3.

At ang isa ROON NA PITONG Anghel na may... PITONG Mangkok ay dumating at nagsalita sa akin,...

205 Bumabasa po ako, mula sa *The Lexicon*. “May...”

... “Pumarito ka, ipakikita ko sa iyo ANG HATOL SA BANTOG NA PATUTOT, na nakaupo sa ibabaw ng Maraming mga Tubig;

206 At alam natin lahat na ang Vatican 'yan. Dito'y may sipi tayo ng *Our Sunday Visitor* diyan, mula sa simbahang Katoliko, na sinasabi sa atin nang eksakto kung ano ito. Kita n'yo?

207 At tumutugon mismo ito roon, sabi, “Pero sandali lang.” Sabi, “Nariyan na ang lahat ng uri ng mga pangalan,” sabi, “na tutumbas sa animnaraan at animnapu't anim.”

Sabi ko, “Pero sandali lang.”

Sabi, “Ang pangalan mo nga'y marahil tutumbas din sa animnaraan...”

208 “Pero,” sabi ko, “wala naman ako sa ibabaw ng pitong burol, na pinagaharian ang mundo, siyanga, kita mo.” Uh-huh! Kita n'yo? Ganoon nga. Kita n'yo?

209 [Binabasa ni Kapatid na Branham ang Apocalipsis 17:1 mula sa *The Emphatic Diaglott*—Pat.]

... ipakikita ko sa iyo ang HATOL SA BANTOG NA PATUTOT, na nakaupo sa ibabaw ng Maraming mga Tubig;

210 *Mga Tubig*, Apocalipsis 17:15, ay “karamihan at mga bansa.” Kita n'yo?

na siyang pinakiapiran ng MGA HARI sa LUPA, at ang MGA NANANAHAN sa LUPA ay nalasing sa ALAK ng... kaniyang PAKIKIAPID.

211 Ngayon ano?

At ako'y kaniyang ginabayan, na nasa Espiritu, sa isang Ilang;...

212 *The Emphatic Diaglott* ngayon. Kita n'yo?

... at nakita ko ang isang Babae na nakaupo sa isang kulay pulang Hayop, na puno ng Mga Kapusungang Pangalan,...

213 Ngayon, sa King James, ang sinasabi dun, “puno ng mga pangalang pamumusong.” Sandali lang po, at kukunin ko ito

rito, pansumandali. Apocalipsis, sa ika-3. Buweno, heto po. Buweno. Apocalipsis, ang ibig kong sabihin 17, hindi 7; 17, ngayon pakinggan n'yo ang ika-3 talata.

At ako'y kaniyang dinalang nasa Espiritu sa isang ilang; at nakita ko ang isang babae na nakaupo sa isang hayop na pula, na puno ng mga pangalang pamumusong, . . .

214 Ganyan po ang pagkakalahad sa Ingles nito. Pero sa orihinal na Griyego mula sa *The Diaglott* ay ganito ang basa rito, sa Apocalipsis 17:3. Pakinggan.

At ako'y kaniyang ginabayan, na nasa Espiritu, sa isang Ilang; at nakita ko ang isang Babae na nakaupo sa isang kulay pulang Hayop—Hayop, na puno ng Mga Kapusungang Pangalan, . . .

215 Ibang-iba po, mula sa “mga pangalan ng pamumusong” naging “mga kapusungang pangalan.” Ano ito? At ating... Ngayon, siya’y:

. . . ANG INA NG MGA PATUTOT. . .

216 Alam nating lahat 'yan. Pero ano ito? [Sinasiabi ng isang kapatid na lalaki, “Ang Romano Katolikong iglesya.”—Pat.] Hindi n'yo kailangang...Buweno, tama, aakibat nga 'yan sa Romano Katolikong iglesya. Pero siya ay “puno ng mga kapusungang pangalan,” Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, lahat na tinatawag ang sarili nilang, “mga iglesya ng Diyos.” Mga kapusungang pangalan! Malaki ang pagkakaiba ng “mga pangalan ng pamumusong” at “mga kapusungang pangalan.” Tinatawag ang sarili nilang, “ang Iglesya ng Diyos,” at ganoon ang pagpapakilala nila sa sarili nila sa harap ng mundo; at naglalaro ng mga baraha, at umiinom ng alak, at kung anu-ano ang ginagawa, at mga soup supper, at lahat na ng kung anu-ano, at lahat na ng uri ng mga bagay na pinaairal.

217 May nag-iisang Iglesya lang. Kayo'y ipinanganak Dito. Hindi kayo makakapasok Doon hanggang sa mahugasan kayo ng Dugo ng Cordero at matatakan ng Espiritu Santo.

218 May pagkakaiba nga ang “mga pangalan ng pamumusong” at “mga kapusungang pangalan.” Nakukuha n'yo ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

219 Nahagip ko 'yan ngayong umaga habang nagbabasa ako rito, ang. . .Sa pagpunta rito, may Bagay na nagsabi sa akin, “Pumasok ka sa iyong silid. Kunin mo ang *The Diaglott*.”

220 Buweno, talagang sumunod ako. Ganoon lang. Pumasok ako. At bumuklat ako sa Apocalipsis 17. Sa isip-isip ko, “Bakit Mo ibig na basahin ko ito?” Nagsimula akong magbasa. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang mga daliri—Pat.] Pagkadako na pagkadako ko roon, “Heto nga ito.” Kumuha ako ng lapis at isinulat 'yun. Sabi ko, “Heto nga ito.”

221 Ngayon, nagmamaktol sila tungkol sa aking pagsikad laban sa mga organisasyon. Haya't ang mga kapusungang pangalan na ito, na tinatawag ang kanilang mga sarili na, "mga iglesya ng Diyos, at mga iglesya ni Cristo, at mga iglesya ng Methodist, at mga iglesya." Mga samahan lang ang mga ito, hindi mga iglesya.

222 Isang Iglesya, 'yun ang Iglesya ng Panginoong Jesus Cristo. At ano Ito? Ang mistikal na Katawan ni Jesus Cristo na kumikilos sa lupa, na binubuo ng isang miyembro ng alinman sa mga kongregasyon na ito, na magiging miyembro ng Katawan ni Cristo. Kinakailangan n'yong maipanganak Dito, hindi na maianib Dito.

223 At ang sumapi rito, ay kapusungang mga pangalan, sa babaing ito. Sa babaing ito, sa kanyang kapangyarihan!

224 At nakikita n'yo ngayon kung saan dadalhin nila ang lahat ng mga tao na may kakaibang kaisipan tungkol sa relihiyon, at ipapadala sa Alaska. Nakita n'yo 'yun. Dahil sa lahat ng kakaiba nating paniniwala.

225 At ano 'yun? Ang konseho, ang Pandaigdigang Konseho ng mga Kaiglesyahan at ang Katoliko'y abala sa kanilang malaking bagay-na-gagawin na umiiral na sa Vatican ngayon, doon, kung saan kanilang susubukan. At lahat ng mga obispo, at iba pa, sila'y nagsisikap na dumating sa isang kasunduan, para labanan ang komunismo. Ang mundo'y lumalaban sa komunismo, at napupunta lang sa pag-anib sa Katolisismo.

226 Katulad nga mismo ngayon. Heto tayo, gaya ng sinabi ko. Tayo'y...Halos bangkarote na tayo. Humihiram tayo, gumagastos ng pera ngayon, sa mga buwis na babayaran pa lang sa labing-apat na taon mula ngayon. Ganoon na tayong kasadlak. Sino ang may taglay ng pera ng mundo? Ang iglesyang Katoliko. Paano 'yun ipangungutang sa Estados Unidos? Para panatilihin ang mga kompanya ng tabako at wiski at ganoong mga bagay. Siyanga, kanilang hihiramin ito mula sa kanila. Kapag ginawa nila, kanilang ibebenta ang kanilang pagkapanganay, nang tahasan, sa iglesyang Romano Katoliko. Pumipisan tayo. Matyagan n'yo ito, klarong-klaro, at mas malinaw pa kaysa sa pagbabasa ng isang pahayagan. Heto na ito. Kita n'yo?

227 Sila'y Methodist, Baptist, Presbyterian, at iba pa, na tinatawag nila ang kanilang sarili na, "Iglesya ng Diyos." Ang Katoliko at lahat nitong mga bagay ay ang kapangyarihan ito ng hayop na puno ng kapusungang mga pangalan. Tinatawag ang sarili, "Ako'y..." Sabi ko...

228 Nagpunta ako sa ospital dito, hindi pa katagalan, may ipapanalangin akong tao. Sabi ko, "Pupunta kami sa..." Ang nanay ko po. Sabi ko, "Pupunta kami para ipanalangin si nanay."

At ang sabi ng ginang, "Hilahin n'yo ang kurtina."

Sabi ko, “Hindi po ba’t Cristiano rin kayo?”

Sabi ng ginang, “Mga Methodist kami.”

²²⁹ Sabi ko, “Salamat. Iniisip ko na marahil isa kang mananampalataya.” Hinila ko na lamang ang kurtina para tumakip sa akin. Kita n’yo? Kaya, kung hindi ka isang Cristiano, iba sana ’yun. Kita n’yo?

²³⁰ Pero, “Mga Methodist kami,” ’yan nga’y pamumusong. Ang hayop, ang mga kaiglesyahan, na tinatawag na mga iglesya, hindi iglesya ang mga ’yan. Sisiguraduhin kong nakarekord ito. Siyanga. Hindi mga iglesya ang mga ’yan. Mga samahan lang ang mga ito. Sumasapi ang mga tao sa mga ito.

²³¹ Pero hindi mo magagawa na sumapi sa Iglesya ng buhay na Diyos. Kayo’y ipinapanganak Dito, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. At kapag kayo’y nabautismuhan sa Espiritu Santo, ang mga mabubuting katangian na ito’y tinatakan sa inyo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at kaya naman, “Ang ipinanganak sa Diyos ay hindi nagkakasala.” “Hindi maaari.” Hayaan nga. Oh, grabe!

Makakapangusap nga tayo nang maghapon, hindi po ba?

²³² Ang Iglesya ang mistikal na Katawan ni Cristo, ipinanganak ng Hininga ng Diyos. Oooh! Nakukuha n’yo ba? [Sinabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang Iglesya ng Diyos ay ipinanganak sa Hininga ng Diyos. Huminga ang Diyos ng Hininga sa mga butas ng ilong nito, sa espirituwal, kay Adan, at siya’y naging isang buhay na kaluluwa. Alam n’yo ba na ang mga pentecostal, o ang tunay na pentecostal na Iglesya, ay ipinanganak ng Hininga ng Diyos?

²³³ Hayaan n’yong basahin ko sa inyo ang isang bagay, pansumandali na narito. Hayaan n’yong tingnan ko, pansumandali. San Juan, sa palagay ko, ang hinahanap ko. Masusumpungan natin kung ang Iglesya nga ng Diyos, o hindi. San Juan, tingnan natin, sa palagay ko nasa bandang 16, 19; 20. Sige. Heto sa palagay ko narito na sa atin, dito. Sige. Hayaan n’yong basahin ko sa inyo, at tingnan kung ang Iglesya ba ay ipinanganak sa Hininga ng Diyos, o hindi, gaya ni Adan sa pasimula. Masdan.

At nang kinahapunan nga nang araw na yaon, na unang araw ng sanglinggo, at nang nangapipinid ang mga pinto at naroon ang mga alagad dahil sa katakutan sa mga Judio, dumating si Jesus at tumayo sa gitna nila, at sinabi sa kanila, Kapayapaan ang sumainyo.

At nang masabi niya ito, ay kaniyang ipinakita . . . sa kanila ang kaniyang mga kamay at ang kaniyang tagiliran. Kung saan . . . Ang mga alagad nga’y nangagalak, nang makita nila ang Panginoon. At si Jesus . . .

At sinabi ngang muli sa kanila ni Jesus, Kapayapaan ang sumainyo: kung paanong pagkasugo sa akin ng Ama, . . . ay gayon din naman sinusugo ko kayo.

²³⁴ Masdan. Ang Ama na nagsugo sa Kanya ay suma-Kanya. At si Jesus, noong isugo Niya ang kanyang isang alagad, Siya'y sumakanya. Siya ring Isa na nagsugo; ang Diyos.

At nang masabi niya ito, sila'y hiningahan niya, at sinabi. . . Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo:

²³⁵ Ang Iglesya, na ipinananganak sa Hininga ng Diyos! Noong ang pangangatawan na ito'y mahubog ang sarili nito roon, sa kalagayan, na ang Hininga ng Diyos ay huminga sa kanila, "Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo," pagkatapos kayo'y isa nang anak ng Diyos. Umanib man kayo sa alinmang nais n'yo, pero kayo'y ipinanganak sa Iglesya ng buhay na Diyos, ipinanganak sa Hininga ng Diyos. Hiningahan sila ng Diyos, at nagsabi, "Tanggapin ninyo," whew, "ang Espiritu Santo." Oh, ang ganda! Hayan nga.

²³⁶ Hindi 'yung, "Halina kayo at umanib, ilagay n'yo ang pangalan n'yo riyon." At kaakibat 'yang mga soup supper n'yo at lahat ng kasama pa roon, umanib ka sa isang samahan. Maaaring sumali ka sa isang samahang Methodist, samahang Baptist, samahang Presbyterian, samahang Katoliko, o sa isang samahang Pentecostal, alinman na nais n'yong salihan, pero isang samahan lang ang sinasalihan n'yo.

²³⁷ Pero kapag naging isang anak ka ng Diyos, kayo'y ipinanganak ng Hininga ng Diyos. Amen. Mainam na pabayaan n'yo ito, doon mismo ngayon. Buweno.

²³⁸ Ang Buhay ng Diyos ay nariyan din sa inyo kung ganoon, ang sabi ni Jesus. Sandali lang po. Ang sabi ni Jesus, "Ako ang Puno ng Ubas. Kayo ang sanga."

²³⁹ Ngayon tingnan n'yo. Ano ba 'yung kaligaligan nila kay Jesus? Ang kanilang kaligaligan kay Jesus, ay dahil Siya'y isang Tao na ginagawa ang Kanyang Sarili na Diyos. Siya ay Diyos. Ang Diyos ay nakay Cristo. Kita n'yo? At sinabi Niya sa kanila. Ang sabi Niya, "At huwag Ako ang tingnan n'yo. Hindi Ako ito. Ang Ama Ko ito, at Siya'y nananahan sa Akin." Oh! Kita n'yo?

²⁴⁰ Ngayon, nakatingin sila dun sa munting katawan na isinilang ni Maria. Kita n'yo? Hindi 'yun ang Diyos. Yun ang Anak ng Diyos, pero ang Diyos ay nasa Katawan na 'yun. Ang Diyos ito. Ang sabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay kondenahin ninyo Ako. Pero sino sa inyo ang makakakondena sa Akin ng kasalanan, na di-pananampalataya sa Salita? Alin bang Salita ang sinalita ng Diyos na hindi natupad sa Akin?" Ang kasalanan ay di-pananampalataya. "Sino sa inyo ang makapaparatang sa Akin ng kasalanan?" Ang kasalanan ay di-pananampalataya. "Ipakita n'yo sa Akin. Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa

ng Aking Ama, kung ganoon huwag n'yo Akong paniwalaan. Pero kung ginagawa Ko ang mga gawa ng Aking. . . Gayong di n'yo Ako mapaniwalaan, paniwalaan n'yo ang mga gawa na Aking ginagawa, dahil ang mga ito ang nagpapatotoo." Sa madaling sabi, "Ang Ama ay nasa Akin, na pinapatotohanan ang Kanyang Sarili." Dahil, "ang Diyos ay nakay Cristo, na pinakikipagkasundo ang sanlibutan sa Kanyang Sarili." Nakukuha n'yo ba? [Sinاسبi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

²⁴¹ Buweno, ngayon, ang siya ring Buhay na nasa Puno ng Ubas ay naroon din sa sanga. Paano n'yo magagawa na umanib Dun? Hindi maaari.

²⁴² Nakakita ako ng isang puno di pa katagalan, doon sa bakuran ni Kapatid na Sharrit sa Arizona, na may siyam na iba't ibang bunga ng citro roon. Ano 'yun? Isa 'yung—isa 'yung puno ng dalandan, ng dalandang nabel. Pero naroon ang isang—naroon ang isang—isang limon, isang mandarina, isang lukbanita, at isang lukban. Naroon ang lahat na sari-sari. Tumayo ako, tumingala sa punong 'yun. Tapos sabi ko, "Kapatid na Sharrit, ang ibig mo bang sabihin sa akin na ang puno na 'yan ay puno ng dalandan?"

Sabi niya, "Ganoon nga."

²⁴³ Tapos sabi ko, "Buweno, paano? Paanong nangyari?" Sabi ko, "May nakikita akong lukban *dito*, at isang mandarina *dito*, lukbanita *dito*, at isang limon *dito*, at lahat na ibang mga prutas na ito. Paano 'yun nangyari?"

Sabi niya, "Buweno, kita mo, inihugpong sila."

²⁴⁴ "Oh!" Sabi ko, "Buweno, nais kong tanungin ka ng isang bagay. Ngayon, kapag pipitasin mo ang lukban na ito at ang limon. Ngayon, sa susunod na taon, ano na? Ang ibubunga na marahil ay dalandan."

"Oh, hindi." Sabi, "Ang ibubunga pa rin dun ay limon. Kita mo?"

"Oh," sabi ko, "salamat." Kita n'yo?

Hindi n'yo 'yun magagawa. Hindi kayo puwedeng umanib.

²⁴⁵ "Pero," ang sabi niya, "sa tuwing ang puno na 'yan ay tumatanda nang isang taon at nagpapausbong ng bagong sanga, ang ibinubunga nun ay mga dalandan, kung ang puno mismo'y mag-uusbong ng sanga."

²⁴⁶ At ang pinagpipilitan nating gawin ay ang maging kaanib na miyembro sa Kanya, at namumuhay tayo sa ilalim ng pangalan ng Cristianismo. Dahil, tayo, sa madaling paraan ng pananalita ay mga bungang citro tayo, ang Iglesyang Cristiano.

²⁴⁷ Pero kapag ang Puno Mismo ay nag-uusbong ng isang puno, ito'y magiging kagaya ng unang Puno na pinausbong Nito. Kung ang unang Puno na inusbong Nito, kanilang isinulat ang

Aklat ng Mga Gawa sa likod Nito; kung Ito'y mag-uusbong ng isa pa, Ito'y magsusulat ng isang aklat ng mga gawa sa likod Nito. Tama.

²⁴⁸ Kaya, ang sinasalihan n'yo lang ay mga samahan. Pero kapag kayo'y ipinanganak mismo mula sa Puno. . . Kayo'y may bunga. Ganoon nga. Kayo'y may bunga, pero anong gagawin n'yo rito? “May anyo kayo ng kabanalan, at tinatanggihan ang kapangyarihan nito.” Tinatanggihan n'yo ang mga tanda. Tinatanggihan n'yo ang mga kababalaghan. Tinatanggihan n'yo ang Espiritu Santo. Tinatanggihan n'yo ang pagsasalita ng mga wika. Tinatanggihan n'yo ang mga pangitain. Tinatanggihan n'yo ang mga propesiya. Tinatanggihan n'yo ang pagpapagaling. At, sa kabila nun, “Tinatawag n'yo ang sarili n'yo ng isang pangalan.” Hindi na nakakabigla na sinabi ng Espiritu Santo, “Isang kapangyarihan, ng sangkalipunan ng mga tao, na puno ng mga kapusungang pangalan, siyanga, na tinatawag ang kanilang mga sarili, na ‘Cristiano.’” “May anyo ng kabanalan, datapuwat tinatanggihan ang kapangyarihan nito. Sa mga ito'y lumayo nga kayo, dahil ito yaong humihila sa mga babaing haling na lipos ng iba't ibang pita.”

²⁴⁹ Lahat na ng uri ng organisasyon! Napakaraming dinadala ng iglesya, na *ganitong* uri ng sosyedad, at *ganoong* uri ng sosyedad. Paano naman ang sosyedad ni Jesus Cristo? Kita n'yo? Dala-dala natin itong lahat na ibang mga bagay na ito, at pinabibigatan lang natin ang iglesya. Ngayon hayan nga.

Hindi kayo kailanman makaaanib sa isang Iglesya.

²⁵⁰ Umaanib kayo sa isang kapisanan. Kayo'y miyembro ng isang kapisanan, ng isang grupo ng mga tao, kagaya lamang ng isang samahan. “Naniniwala kami sa *ganito*. May mga alituntunin kami. May mga paglilihim kami, at kung ano pa.” Ganoon din ang ginagawa n'yo, siyanga't umaanib lang kayo sa isang naturingang iglesya.

²⁵¹ Pero hindi kayo makakaanib sa Iglesya. Ang inaaniban n'yo ay samahan ng mga miyembro, pero hindi isang Iglesya, dahil kayo'y ipinanganak sa Iglesya na 'yun at sa Puno Mismo.

²⁵² Ngayon sandali lang po. Masdan n'yo. Papatapos na ako, kaunti na lang. Pansinin. Pasensya na po. Hindi ko—hindi ko sadya na sabihin 'yan. Masdan. Tingnan n'yo.

²⁵³ Kung ibinunsod ng Diyos ang Nobya na ito na maglakip sa Espiritu na 'yun, kung ganoon ibinubunsod Nito ang indibiduwal na lumakip sa Espiritu na 'yun, kita n'yo, kung ganoon kayo'y ipinanganak sa Kaharian na 'yun. At pagkatapos ang mismong Buhay na *narito* sa Iglesya, ay naroon sa Iglesya na 'yun, at *Doon, Doon, Doon, Doon*. Ang mismong Buhay na naroon sa talop, ang Puno ng Ubas, si Jesus, ay naroon din sa bahagi na Kanyang iniusbong. Maluwalhati! “Nang siya ring bagay na ginagawa Ko, ang mga gawa na Aking ginagawa,

ay gagawin din naman ninyo.” Hayan ang tunay na bahagi ng Katawan ni Cristo, walang anumang uri ng pangalan na nakadikit Dito. Ang mismong mga gawa ng indibiduwal ang nagpapatunay kung saan siya nanggaling. Ang kanyang buhay ang nagpapatotoo kung ano siya.

²⁵⁴ “Miyembro ba kayo ng ano? Kabahagi kayo ng ano bang katawan?” Katawan ni Cristo. “Buweno, saan kayo umanib Dito?” Hindi ako umanib. Ako’y ipinanganak Dito. Kita n’yo? Ako’y ipinanganak Dito.

²⁵⁵ Hindi n’yo na kailangang sabihin sa kanila. Alam nila kung anong nangyari. “Ikaw, papaanong makapagniningas ka ng kandila at tatakлубan naman ito ng takalan?” Sabi Niya. Kita n’yo? Hindi, hindi.

²⁵⁶ Kapag kayo’y ipinanganak na sa Kaharian ng Diyos, kung magkagayon ang Buhay, ang mismong Buhay na nakay Jesus. Kung magkagayon interesado na kayo sa mga kaluluwa. Kung ganoon nga’y hindi na kayo magmamakaawa sa mga tao, na dumulog sila sa altar. Hindi na kayo magmamakaawa sa kaninuman, na pumaroo’t humanap na kasama ng mga nasa altar. Oo. Ang—ang—ang—ang ganoong mga bagay ay kusa mismong dadaloy, dahil Ito’y tinatakan na sa inyo. Kayo’y isang yunit na ng Diyos. Kayo’y natatakan na ng Espiritu Santo.

Ngayon alam n’yo ba ang “Espiritu Santo” kung anong ibig sabihin?

²⁵⁷ Hindi Nito ibig sabihin, “Ako’y nakatalon at nakasigaw. Nagkaroon ako ng kakaibang pakiramdam.” Ang mga ’yan ay ayos lang naman. Ako’y nakatalon at nakasigaw, at nagkaroon ng kakaibang pakiramdam. “Nakapagsalita ako sa iba’t ibang wika.” Naniniwala ako na ang Espiritu Santo’y nakakapagsalita ng iba’t ibang wika. Tunay. “Ako’y nakakapagpaliwanag.” Siyanga, po. Ako ay naniniwala rin, diyan. Pero hindi ’yan Ito. Hindi ’yan ang tinutukoy ko. Maaaring may tagas rito kung saan. Maaaring may tagas *dito*, sa pagtitiis mo.

²⁵⁸ Sige’t hayaan n’yong sampalin kayo sa isang pisngi n’yo, sa mukha, maibibigay mo kaya ang kabila? Anupa’t nakakapagsalita ka ng, “Yang maruming ipokrito na ’yan!” Kung ganoon may tagas nga, sa kung saan, na lumitaw. Kailangan nating iwan ’yan. Buweno. Pero alam n’yo na ang ibig kong sabihin.

²⁵⁹ Pero kapag kayo’y tinatakan na tungo sa Katawan ni Cristo, kung ganoon kayo’y puspos na ng Espiritu, at kayo’y isang anak ng Diyos.

²⁶⁰ Oh, sana may sampung minuto pa ako, para basahin ang isang bagay rito. [Sinasabi ng kongregasyon, “Sige lang po. Basahin mo ’yan, kapatid.”—Pat.] Siyanga’t ibig n’yo ba akong pakinggan pa nang sampung minuto? [“Opo.”] Nais kong basahin ang isang bagay, kaunti na lang. Ngayon, sa

totoo lang, po hindi naman masusunog ang mga bitsuwelas. Sinisigurado ko sa inyo, kita n'yo, kung maaari'y basahin lang natin ito pansumandali. Masyadong napakaganda po nito para ipagpaliban. May ilang bagay ako rito, na biglang pumasok sa isip ko, na nais kong sabihin.

²⁶¹ Bumuklat tayo sa San Juan, sa ika-3 kabanata, ipinapangusap dito ang tungkol sa Buhay na Walang Hanggan. Tingnan nga natin kung anong sinasabi Nito rito tungkol sa usaping ito ng Buhay na Walang Hanggan, na Buhay ng Diyos. Ngayon, ngayon tingnan n'yo rito.

May isang lalake nga sa mga Fariseo, na nagngangalang Nicodemo, isang pinuno ng mga Judio:

Ito rin ay naparoon samakatwid kay Jesus nang gabi, at sa kaniya'y nagsabi, Rabi, nalalaman naming ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Dios: . . . walang makagagawa ng mga tanda na iyong ginagawa . . . maliban na kung sumasa kaniya ang Dios.

²⁶² Ngayon, sila, sila sa konsehong Sanedrin, napagkilala nila na Siya'y ang Anak ng Diyos. Alam nila ito. Heto ang kanilang tagapamahala rito, na sinasabi kay Jesus, "Nalalaman namin na Ikaw ay isang Guro na nagbuhat sa Diyos, dahil ang mismong Buhay ng Diyos ay dumadaloy sa Iyo." Kita n'yo? "Alam namin na ang itinuturo Mo ay hindi ganang Sarili Mo. Ito'y sa Diyos, dahil pinapatunayan Ito ng Diyos." Kita n'yo? "Ang Buhay ng Diyos ay dumadaloy sa Iyo." Ngayon masdan.

Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Katotohanan, . . . sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios.

²⁶³ Oh, naku! "Maliban ba na umanib ka sa aking iglesya"? Oh! Nakita n'yo kung gaanong lihis sila Rito? Kita n'yo? Kita n'yo?

Si Jesus, pagkatapos sumagot si Jesus, Katotohanan, katotohanang, sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak sa tubig at . . . Espiritu, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios.

Ang ipinanganak ng . . . laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng . . . Espiritu ay espiritu nga.

Huwag kang magtaka sa aking sinasabi sa iyo, Ikaw nga'y kinakailangan na ipanganak na muli.

Ang hangin ay umiihip kung saan niya ibig, . . . Kita n'yo, binabalikan uli, kita n'yo, bumabalik uli, kita n'yo.

Ang hangin ay umiihip kung saan niya ibig, . . . iyong di naririnig ang ugong, . . . naririnig ang kaniyang ugong, nguni't hindi mo nalalaman kung saan nanggagaling, o kung saan napararoon: gayon ang bawa't . . . ipinanganak ng Espiritu.

Sumagot si Nicodemo at sa kaniya'y sinabi, Paanong mangyayari ang mga bagay na ito?

Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Ikaw ang guro sa Israel, at hindi mo nauunawa ang mga bagay na ito?

264 Tingnan n'yo riyan, kapatid, isang—isang D.D., Ph.D., dobleng-L.D., kita n'yo, “At hindi nauunawa ang mga bagay na ito?”

Katotohanan, . . . sinasabi ko sa iyo, Ang nalalaman namin ay sinasalita namin, at ang aming pinatotohanan ang nakita namin; at hindi ninyo tinanggap ang aming patotoo.

265 “Nalalaman namin ang mga bagay na ito. Nakita namin ang mga ito. Nalalaman namin Ito, at hindi n'yo tinanggap ang aming patotoo.” Mga umaanib lang kasi sa iglesya! Kita n'yo?

Kung sinabi ko sa inyo ang mga bagay na nauukol sa lupa at hindi ninyo pinaniniwalaan, paanong paniniwalaan ninyo, kung sabihin ko sa inyo . . . ang mga bagay na nauukol sa langit?

266 Ngayon pakinggan n'yo ito rito. Masdan.

At wala ngang umakyat sa langit, kundi ang nanggaling sa langit, sa makatuwid baga'y ang Anak ng tao na nasa langit.

267 Bulayin n'yo po 'yan.

268 Alam n'yo, isang beses, ang sabi Niya, “Ano ang iniisip n'yo ukol kay Cristo? Kaninong Anak Siya?”

Ang sabi nila, “Ang Anak ni David.”

269 Ang sabi Niya, “Kung ganoon bakit si David, sa Espiritu, ay sinasabi sa Kanya, ‘Sinabi ng Panginooon sa aking Panginooon, ‘Umupo Ka sa Aking kanan’?’ Papanong Siya ang Kanyang Panginooon at Kanyang Anak?’” Wala nang nagtanong sa Kanya ng anumang iba pa.

270 Sa Apocalipsis, ang sabi Niya, “Ako ang Ugat at ang Supling ni David.” Kita n'yo? “Ako ang Puno ng Ubas at ang Sanga. Ako ang pasimula. Ako'y bago pa ang pasimula. Ako ang pasimula, at—at Ako'y ang Supling Niya, rin.”

271 Ngayon, dito ang sabi Niya, “Walang sinuman ang bumaba mula sa Langit, kundi ang Anak ng tao na ngayon ay nasa Langit.”

272 May binibini na tinanong ako, isang beses, ng isang tanong. Sabi ko, “Sagutin mo itong isang tanong na ito sa akin.”

Sabi, “Kanino ba nanalangin si Jesus, sa halamanan ng Getsemani?”

273 Sabi ko, “Sino ba ang kausap Niya noong sabihin Niya, ‘Walang sinuman ang umakyat sa Langit, kundi Siya na bumaba

mula sa Langit, ang Anak ng tao nga na nasa . . . na ngayon ay nasa Langit'? Sino?"

²⁷⁴ Heto Siya, na nakatayo rito sa ibabaw ng bahay, nakikipag-usap kay Nicodemo, at nagsabi, "Ako'y nasa Langit." Tama ba? Iwanan muna natin 'yan hanggang mamayang gabi. Anong sa palagay n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Masyadong atrasado na. Oh, grabe! Pagbubulayin ko kayo tungkol diyang nang kaunti, sa hapon na ito.

²⁷⁵ Papaano kayo nakakapasok sa Iglesia? [Sinasabi ng kongregasyon, "Ipinapanganak."—Pat.] Ipinapanganak. Sa pamamagitan ng ano? Ng Hininga ng Diyos.

Breathe on me, breathe on me;
Spirit of the living God, breathe on me.

²⁷⁶ Yan ang dalangin ko: hayaan ang Espiritu Santo na huminga. Oh, grabe! Dahil, ang Hininga ng Diyos, ano po Ito? Pagtatatak sa Kaharian ng Diyos, sa pagkakaalam, na noong ako'y unang maghayag, sinasampalatayanan ko si Jesus Cristo. Oo.

Pagkatapos, sa aking Pananampalataya, aking idadagdag ang kabutihan, banal na kabutihan.

Pagkatapos sa aking kabutihan, aking idadagdag ang kaalaman ng Salita.

²⁷⁷ Sa aking kaalaman, aking idadagdag ang pagpipigil, kahinahunan. Gustung-gusto ko 'yun. "Bayan ko ito'y sa 'yo, kaluluwa ko'y putungan ng kahinahunan, mula karagatan hanggang sa makinang na karagatan." Kita n'yo?

²⁷⁸ Pagtitiis. Oh, grabe! Sinusubok. Huwag maligalig; ibibilang ni Satanas ang mga ito sa iyo. Ako'y paakyat na ng hagdan ngayon. Kita n'yo? Idinagdag ko ang kabutihan, kaalaman, pagpipigil, ngayon kailangan kong idagdag ang pagtitiis. Wala pa rin akong Espiritu Santo.

²⁷⁹ Pagkatapos matapos kong idagdag ang pagtitiis, idinagdag ko ang kabanalan. Alam n'yo ba kung ano 'yun? Gaya ng Diyos. Idinadagdag ko 'yun. Hindi ako nagmasamang-asal. Humahayo ako gaya ng dapat gawin ng isang Cristianong ginoo. Hindi 'yun isang pagpapanggap. May kung anong bagay sa loob ko, ang pag-ibig ng Diyos, na nag-uumapaw. Kita n'yo? Kita n'yo? Hindi 'yung sasabihin, "Uh-uh-uh-uh, naku, magagawa ko naman 'yan, pero siguro hindi ko na lang gagawin." Kita n'yo? Huh-uh. Huh-uh. Ito nga'y naroon, pa rin.

²⁸⁰ Isa itong Kapanganakan. Ako'y ipinanganak sa *ganito*, sa *ganito*, sa *ganito*, sa *ganito*, sa *ganito*, sa *ganito*. At pagkatapos ang pag-ibig ng Diyos, si Cristo, ay bumaba at tinatakan ang lahat ng ito sa akin, para sa gawain. Kita n'yo?

²⁸¹ Pagkatapos ano ang ginagawa Niya kapag Siya'y nagbibigay sa akin ng Espiritu Santo? Inilalagay Niya kayo sa isang hiwalay na dako na kayo lang mag-isa, minamarkahan ka. Kita n'yo?

Isa ka nang pinagbagong tao. Hindi ka na sa sanlibutan, ano't anuman. Kita n'yo? Iba na ang bihis mo. Ang bihis mo ay iba na. Hindi po itong panlabas na kasuotan. Hindi, hindi. Hindi n'yo kailangang maging kakaiba o kakatwa, at ang kulyar ay pabaligtad, at mahabang seremonya, para бага. Hindi, hindi. Hindi n'yo 'yan ginagawa. Na nananamit kayo, sa pisikal, nang paganito. Ang espirituwal na kasuotan ang mahalaga. Ang damit pangkasal ay isinuot na sa inyo. Ano na kayo?

²⁸² Katulad ni Jesus, masdan, Siya'y nililiman, at Siya'y pinagbagong-anyo roon sa harap nila, at nagliwanag ang Kanyang damit na parang araw. Hayan Siya, si Jesus, na inilalagay ng Diyos ang Sarili Niyang Anak sa posisyon. Kita n'yo? At pagkatapos lumitaw si Moises. Tapos lumitaw si Elias. Tapos sabi ni Pedro, "Alam Mo po, siyanga't—siyanga't mainam na bagay na naparito." Nakita n'yo na kung paano ang nangyayari sa tao? Oo. Oh, noong ipangyari ang sobrenatural! Sabi, "Magtayo tayo ng tatlong tabernakulo. Magtayo tayo ng isa para kay Moises, at isa para kay Elias, at isa para sa Iyo."

²⁸³ At bago pa siya matapos sa pagsasalita, pinatikom ng Diyos ang buong bagay, nagsabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak. Sa lahat ng mga bagay na ito na hiningi Ko noon kay Moises, at inilabas ang kautusan sa pamamagitan ni Moises; ang katarungan sa pamamagitan ng mga propeta; tinugon Niya ito lahat. Pakinggan n'yo Siya. Ako'y hahakbang na paalis sa eksena ngayon. Sadyang pakinggan n'yo Siya. Sadyang pakinggan n'yo Siya." Oh, grabe! Napakagandang bagay nga!

²⁸⁴ Pagkatapos, kapag matugunan na natin ang mga kuwalipikasyon na ito, at napaging ganap sa mabubuting katangian ng Diyos at mga bagay ng Diyos, kung ganoon nga'y bababa ang Espiritu Santo at tatatakan tayo papasok sa Kaharian. Huwag kayong mag-alala. Malalaman ng lahat na nakamit n'yo Ito. Hindi n'yo kailangang sabihin, "Buweno, luwalhati sa Diyos, alam kong kamit ko Ito. Nakapagsalita ako ng mga wika. Luwalhatiin ang Diyos, alam kong kamit ko Ito. Nakapagsayaw ako sa Espiritu isang beses." Hindi n'yo nga kailangang magsalita ng isa mang salita ukol dito. Malalaman ng lahat na kamit n'yo Ito. Huwag kayong mag-alala. Oo. Ipatatotoo Nito ang Sarili Nito. Kanyang ibubunsod na mahayag ito sa kalagitnaan ng mga tao.

²⁸⁵ Pagpalain kayo ng Diyos. Ikinagagalak ko na makaparito kasama n'yo sa umagang ito, na magkaroon ng pagbubuklod na ito. Pakinggan n'yo, ang munti nating iglesya'y maliit lang, at kaya wala tayong sapat na lugar para sa mga tao na dumadalo rito. Hindi tayo isang organisasyon. Nananampalataya tayo at nakikipagbuklod sa bawat organisasyon. Kayo'y pumaparito dahil nais n'yong pumarito. At kayo, mahal namin kayo. At nais namin na ang bawat organisasyon, bawat tao . . .

²⁸⁶ Naniniwala ako na may mga tao sa lahat ng mga ito na mga organisasyon na mga Cristiano. Sila'y mga kapatid na lalaki't mga kapatid na babae kay Cristo.

²⁸⁷ Kaya, hayan po, wala tayong tali, walang bagay na aaniban, walang bagay na ipagagawa kundi maging isang Cristiano. Gaya ng sinasabi ni E. Howard Cadle noon, "Wala tayong batas kundi pag-ibig, walang aklat kundi ang Biblia, walang credo kundi si Cristo." Tama. Halina po at bumisita sa amin. Ikagagalak namin ito. Naniniwala tayo sa Buong Ebanghelyo, sa bawat Salita. Naniniwala tayo sa ganitong paraan mismo. Hindi tayo nagdadagdag ng isa mang bagay Dito, ni nag-aalis mula Rito, na nagdadagdag ng anumang bagay ng organisasyon Dito. Hinahayaan mismo natin Ito kung ano lang Ito. Ganoon nga. At kami'y laging nagagalak na tanggapin kayo. Kayo'y magtungo lang at pumisan kasama namin kapag kaya n'yo. Kami'y nananalangin sa mga maysakit. Sinasampalatayanan namin ang lahat ng bagay na sinasabi mismo ng Biblia. Aming "kinakalimutan ang aming kahinaan, sa likod, at kami'y nagtutumulín tungo sa hangganan ng mataas na Pagkatawag."

²⁸⁸ Ngayon, isa pa palang bagay. Ipahihintulot n'yo po ba na masabi ito? Nung isang araw bago itong kahapon... Mapapansin n'yo sa—sa board diyan, ang isang pangitain. Ako po'y nagkaroon ng isang pangitain. Mga alas singko 'yun, gaya ng nalalaman ng maybahay ko, o alas sais. Ako po'y kagigising lang. Bumabangon kami para ihanda ang mga bata sa pagpasok nila sa eskuwelahan.

²⁸⁹ Ako po'y nagkakaroon ng mga ito, paminsan-minsan. At lahat kayo'y alam n'yo ito, bawat isa sa inyo na narito, na ang mga ito'y hindi nabibigo. Ang mga ito, ang mga ito'y sadyang ganap mismo. Kita n'yo? Hindi nabibigo ang mga ito.

²⁹⁰ At naisip ko na ako ang pinakamasayang tao na nakita ko. Ako raw ay nakatayo sa arawan, a-r-a-w-a-n, at ako'y—ako'y nangangaral ng Ebanghelyo sa malaki't, maramihang kongregasyon mismo.

²⁹¹ [Huminto pansumandali si Kapatid na Branham—Pat.] Nais ko lang pong siguraduhin kung ito ba'y tineteyp.

²⁹² Isang—isang malaki't, maramihang kongregasyon, at nakaupo raw sila sa isang gubat. At ang mga silahis ng araw ay tumatama sa kanila, *dito* at *doon*, habang pinakikinggan Ito, tinatanggap ang Salita.

²⁹³ At ako po, gaya ng kinagawian, laging masyadong mahaba, masyadong matagal, masyadong mahaba mangaral. At masyadong mahaba po ang pangangaral ko, hanggang sa ang kongregasyon ay magutom sa pisikal na pagkain. At sila, ang iba sa kanila, napagod na. Kaya sila'y nagsitayuan, lumabas para kumuha ng makakain, nagsimula silang magsialisan.

Sabi ko, "Huwag. Huwag."

294 May dalawa kasing pinaka punto ako na nais kong dakuan, nais kong dakuan, sa aking pangangaral. At ibinigay 'yun ng Diyos sa akin. At alam ng bawat mangangaral, na sa tuwing alam mo talaga na ang Diyos ang may bigay nito sa iyo, talagang nag-aalab ka na sabihin ito sa mga tao.

295 At ako'y nangangaral dun, Charlie, nang talagang may buong kasigasigan na magagawa kong pangangaral, talagang inilalatag ito roon, alam n'yo, at sinasabi, "Lahat ng dakilang mga bagay na ito, *ito* ang ginagawa ng Diyos. Tingnan n'yo *ito*." Tinatalos niya ang mga kaisipan sa puso. Ano Ito? Ang Salita." At patuloy pong ganoon. At, oh, sana naaalala ko kung ano 'yung ipinapangusap ko dun at kung ano 'yung teksto ko. Hindi ko lang po maisip. Kita n'yo? Pero ako po talaga'y puspusan sa pangangaral.

296 At pinapanood ko ang sarili ko na ginagawa ito. At pagkatapos sa pagkakatayo ko roon, nakatingin, at pinapanood ang sarili ko na ipinapangaral Ito.

297 At ako'y nangangaral mismo, sa mga hindi pa ito natatanggap. At kaunting sandali pa, tumayo ako, alam n'yo, at sa isip-isip ko, "Kaluwalhatian sa Diyos!" Sabi ko, "Tingnan n'yo ang kahanga-hangang mga bagay na ito, at *ito, iyon!*"

298 Direktang, napansin ko ang mga tao na unti-unti na silang nagugutom sa pisikal. At mangyaring busog na sila sa espirituwal, kaya nagsimula na silang lumakad palayo. At ang ilan sa kanila [Humihikab si Kapatid na Branham—Pat.] nagsimula nang magsialisan.

Sa isip-isip ko, "Ano kayang nangyayari sa lahat?"

299 At—at tumingin ako, at heto na may mga kabataan sa mga paalis, sa gilid ko. Naisip ko . . . Sabi ko, "Sandali lang, kaibigan! Sandali lang! Bumalik kayo kapag ang anino ng gabi'y dumatal na." Kita n'yo? Sabi ko, "Bumalik kayo. Pero hayaan n'yong ibigay ko muna itong unang pinaka punto. Saan ba nanggagaling ang lahat ng mga ito, na ipinakita ko sa inyo? Saan galing ang mga ito?" Sabi ko, "Heto ang mga ito. Ang mga ito'y nasa Salita ng Diyos. Ang mga ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, Kanyang pangako. Dahil," sabi ko, "lahat kayo'y nakasaksi mismo, saksi nito, na ang atas sa akin ay ang, 'Manatili sa Salita.'" Sabi ko, "Ano bang nangyayari sa inyong lahat? Hindi n'yo ba maunawaan ang Salita? Kinakailangan na maunawaan n'yo Ito."

300 At may ilan sa kanila na nagsabi, "Naku, gusto ko lang po ng kaunting biskuwit," at para ngang ganoon.

301 Buweno, naisip ko lang, "Buweno, luwalhatiin ang Diyos! Kung gusto nila ng biskuwit, hayaan n'yo sila na kumuha."

302 Tapos ako'y—ako'y bumaling. Sa isip-isip ko, "Oh, pero, alam n'yo? Ang dilim ay bababa na, maya-maya, mismo." Sabi

ko, “Pagkatapos, mamayang gabi, kapag nagtipun-tipon uli ang kongregasyon, ilalahad ko sa kanila ang sukdulang punto, at sinabi sa kanila na ang mga bagay na nakikita nila na ginagawa ko ay masusumpungan sa Salita ng Diyos, hindi sa kung anong mitikal na aklat o kung anong organisasyon. Makikita ’yun sa Salita. Kita n’yo? Bawat katiting nito, ay nasa Salita, dahil ako’y inatasan para Roon.”

³⁰³ Sa isip-isip ko, “Alam mo, sila, ang bawat isa, ay babalik naman mamayang gabi, kaya heto ang gagawin ko. Ako’y magpapabungad, parang magbibigay ng pambungad na tagpo.” Alam n’yo na ’yung paraan na ginawa ko dun sa kapanahunan ng iglesya at sa ganoong mga bagay, ipapangusap ko ulit ’yung sinabi ko na noon. “Bibigyan ko ’yun ng pambungad na tagpo, sa Salita, at pagkatapos itong dakila’t, kamanghamanghang pinaka punto na.” Sabi ko, “Grabeng panahon ito na tatamasahin natin! Sa Diyos ang Papuri!” At nakita ko ang sarili ko nang lumiliit nang lumiliit, at narinig ’yun, “Sa Diyos ang papuri.” Nakita ko ang sarili ko na naglalaho nang *paganoon*. At heto ako, nakatayo roon.

³⁰⁴ Ngayon, heto ang interpretasyon ukol diyan. Kita n’yo? Yung unang bagay na ginawa ko, ang mga bagay na ginawa, ay mistikal sa tuwina para sa mga tao, karamihan sa kanila. Hindi ko po tinutukoy ang Full Gospel at mga banal ng Diyos, pero, ang ibig kong sabihin, karamihan sa mga tao. At hindi n’yo nga titingnan ang mundo, kosmos, bilang Mensahe ng Diyos. Kapag hahayo ka at sasabihin mo. . . .

³⁰⁵ Gaya ng sabi ni Boze, “Lagi akong. . .” Sabi, “Nanaginip ako, maraming taon na ang nakaraan, na ang—ang Diyos ay ipapadala ako sa Chicago at yayanigin ang Chicago para sa kaluwalhatian ng Diyos.”

Sabi ko, “Joseph, Kanya nang ginawa ito.”

“Siyanga’t,” sabi niya, “hindi pa sila niyayanig mula noong kay Moody pa.”

³⁰⁶ Sabi ko, “Ganun ba? Ang tinutukoy ko ay ang Iglesya. Hindi yung tumpok lang ng mga pangsunog na naroon sa labas. Alabok lang ’yan ng lupa, ’yang mga madla na nagsisiksikan sa lansangan, na mga de koloreteng Jezebel at lahat na.” Sabi ko, “Yang mga ’yan sa labas. Yang naglalakihang abang mga kapisanan at mga bagay-bagay na pumupuno at gumagala sa mga lansangan doon.” Sabi ko, “Ang ipinapangusap Niya’y ukol sa Iglesya. Ang Iglesya na nakita ang kapahayagan ukol kay Jesus Cristo na nahayag, at kanilang napagkilala Ito. Marahil wala pang labing-lima diyan sa Chicago. Marahil wala ngang sampu sa henerasyon na ito, sa buong siyudad ng Chicago, ang lilitaw.”

³⁰⁷ Naisip n’yo na ba ’yun? “Katulad sa mga araw ni Noe, ay gayundin sa Pagparito ng Anak ng tao, kung saan walong

kaluluwa ang naligtas.” Uh-huh. Ilan ba ang nakalabas mula sa Sodoma? Nakikita n’yo ang ibig kong sabihin? Duda ako kung may sandakot. Kita n’yo?

³⁰⁸ Pero ang Iglesia Mismo’y nakatanggap ng pagyayanig. Kanilang napagkilala ito. Alam nila ang Salita. Nakita nila ang Salita noong Ito’y nahayag, at kanilang nahagip Ito. Ngayon pagtuunan n’yo ’yan pansumandali, ngayon.

³⁰⁹ At itong unang Mensahe, noong makita nila Ito, ang lahat ay itinaguyod Ito, sabi, “Oh, luwalhatiin ang Diyos! Oh, kung makikita ko lamang ang *ganito*, *ganoon*, at ang *iba pa*.” At sila’y umaalis mismo, sa siya ring paraan ng pagpasok nila. Kita n’yo?

³¹⁰ At ngayon iniisip nila, “Buweno, hindi ko alam. Saan kayo aanib? Kung hindi ako aanib *rito*, *ganito* ang mangyayari. At sisipain ako palabas, sa dako rito, at mawawalan ako ng anumang *dito*.” Nauupo ang kapatid at magsasabi, “Buweno, anong gagawin ko kung ako . . .?” Nakikita n’yo roon? Hindi nga sila makahimpil nang matagal para mapagkilala sana na Ito’y ang Salita na ipinangako ng Diyos, na nahayag. Kita n’yo? At umalis nga sila.

³¹¹ Pero, huwag kayong mag-alala, ang dilim ay nalalapit na, kita n’yo, kapag ako’y bumalik na sa pagmimisyon.

³¹² Naalala n’yo, nung isang gabi, tungkol sa Mensahe na ibinigay Niya sa akin doon noong inilalagak ko ang panulukang bato? Eksakto mismo. Sabi, “Gawin mo ang gawaing . . .” Sabi, “Sa paglabas mo sa pangitain na ito, basahin mo ang Ikalawang Timoteo 4.” Alam n’yo, nakalagak nga roon sa panulukang bato, tatlumpu’t tatlong taon na ang nakararaan.

³¹³ Sabi, “Gawin mo ang gawain ng isang ebangelista, ibunsod ang buong patunay ng iyong pagmimistryo. Dahil darating ang panahon na di na nila titiisin ang magaling na Aral; datapuwat ayon sa kanilang sariling mga pita ay magbubunton ng mga guro, na may makakating tainga; babaling mula sa katha . . . mula Katotohanan patungo sa mga katha.” Kung hindi ba’t nangyayari ’yan, nang salita sa salita! [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

³¹⁴ Pero, alalahanin n’yo, hayan nga, nung isang gabi, noong hindi ko pa nababasa ang katuluyan nito. Yaong halos tatlumpung taon na nangangaral ako sa tabernakulong ito, ni minsan ay hindi ako lumayo nang higit pa dun, at hindi ko alam kung bakit.

³¹⁵ Binubulay ko nga madalas, hanggang, isang araw, nakita ko kung saan kinuha ni Jesus ang Balumbon at sinimulang basahin, at binasa ang kalahati ng propesiyang ’yun, at huminto, at nagsabi, doon sa Capernaum, ang sabi Niya, “At sa araw na ito, itong propesiya na ito’y natupad.” Bakit hindi Niya binasa ang iba pa nito? Pumapatungkol ’yun sa Kanyang ikalawang Pagdating. Kita n’yo?

316 At doon ay nabasa ko 'yun, nang hindi ko namamalayan. Kinuha ko 'yun, at hayun, sa harapan ko, doon sa Southern Pines, South Carolina. Nung umagang 'yun, habang nakatayo ako roon, na nakikipag-usap kay Joseph Boze, nakasandal sa gilid ng isang kotse, nahagip ko 'yun. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang mga daliri—Pat.] Sabi ni Pablo, “Ako . . . Lahat ng mga tao’y laban na sa akin. Wala na akong kaagapay. Tinalikuran ako ni Demas; palibhasa’y iniibig niya ang kasalukuyang sanlibutan na ito. At ako ngayon. . .” Tingnan n’yo. “At ang panday-tanso na 'yun ay ginawan ako ng lubhang masama.”

317 Tingnan n’yo kung ano marahil ang nasa isip ni Demas: “Aba, nakita ko si Pablo na nangaral ng Ebanghelyo at nagpagaling ng mga maysakit. At heto siya na nakaupo, naghihirap, mismo, may kasa-kasamang doktor, si Lucas. Sa paghahayo niya sa tuwina, haya’t may kasa-kasamang doktor, isang lalaki na nangangaral ng Makalangit na pagpapagaling. Aba, nakita ko siya na binulag ang isang lalaki. Sabi, ‘Sawayin ka ng Panginoon, at ikaw ay magiging bulag nang ilang panahon.’ At hinayaan lang ang panday-tanso na paalisin siya sa isang pagtitipon. Sa palagay ko nawaglit na sa kanya ang kapangyarihan niya na bulagin ang mga tao. Naku, naiwaglit na niya ang kapangyarihan niya ng Makalangit na pagpapagaling. Tumalikod na sa kanya ang Diyos.”

318 Sa palagay ko hindi naman napunta si Demas sa sanlibutan, dahil si Demas ay isang. . . Alam n’yo na ang kasaysayan niya. Galing siya sa isang malaki’t, mayaman na pamilya. At nais niyang humalubilo sa iba pa sa madla.

319 Pero, si Pablo, ang kaawa-awang munting Pablo. Ano 'yun? Pinahihintulot ng Diyos ang isang pagmiministryo na magkaganoon, at pagkatapos ay puputungan ito.

320 Pinahintulutan Niya na si Jesus ay madako sa isang kalagayan. Tingnan n’yo dun. Samantalang magawa Niyang buhayin ang patay, haya’t nagagawa Niya ang anumang bagay na nais Niya; at hinayaan lang na hablutin ng isang Romanong sundalo ang balbas sa Kanyang mukha, at duraan ang mukha Niya. [Nagmumuwestra si Kapatid na Branham ng tunog ng pagdura—Pat.] Saktan Siya sa . . . Takluban ang Kanyang mukha ng basahan, at sinasabi, “Ngayon, alam Mo, sinasabi nila sa akin na Ikaw ay isang Propeta.” Lahat nga sila’y nakatayo roon sa palibot na may hawak na mga tambo, at hinahampas Siya sa ulo. [May hinampas na bagay si Kapatid na Branham.] Sabi, “Ngayon sabihin Mo sa amin kung sino ang humampas sa Iyo.” Alam naman Niya kung sinong humampas sa Kanya. Uh-huh. Tunay. Alam Niya. Kita n’yo? Pero ang Kanyang pagmiministryo’y nakahanda nang maputungan.

321 Sa tuwina'y dumarating ito sa punto kung saan para bang talagang, talagang mahina na ito, na halos wala na, pagkatapos puputungan ito ng Diyos.

Oh Panginoon, Iyo pong ibunsod ito na mangyari. Iyo pong ibunsod na mangyari, Panginoon.

Iyuko na po natin ang ating mga ulo.

I love Him, I love Him
Because He first . . .

Ngayon sambahin n'yo Siya. Nakapakinig tayo ng matigas na pangangaral.

And purchased my salvation
On Calvary's tree.

322 Atin pong itaas ang ating mga kamay sa Kanya ngayon.

I . . .

Ngayon mapasa-Espiritu kayo, kita n'yo, "Iniibig ko Siya."

. . . I love Him
Because He first loved me.
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

323 Ngayon, tayo'y tumayo na, sa ating mga paa.

Sa ating pagtatapos na awit, awitin natin ang unang talata, tayo po'y magkakamayan sa isa't isa; sa ikalawang talata, aawitin natin ito sa Diyos. Sige po. At pagkatapos tayo'y magtatapos na.

Ngayon, awitin natin:

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Take It everywhere you go.

Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet!
Hope of earth . . . Heaven.

324 Ngayon, alalahanin n'yo ito, ngayon. Hihilingin ko lang po sa isang munting kapatid, dito, na kasama ko sa silid kanina-kanina lang; isang—isang kalugud-lugod na munting kapatid, isang misyunero ng Assemblies sa ilang dito; nakalimutan ko lang po ang pangalan niya, hihilingin ko sa kanya, na magsara ng panalangin pagkatapos nating awitin itong kasunod na talata:

Take the Name of Jesus with you,
As a Shield from every snare;
And when temptations around you gather,
Just breathe that Holy Name in prayer.

325 Panoorin n'yo ang mga diyablo na aalis na mismo. Kita n'yo? Ngayon, alalahanin n'yo:

Take the Name of Jesus with you,
As a Shield from every snare;
And when temptations around you gather,
Just stop, and breathe that Holy Name in
prayer.

326 Antabayan n'yo kung anong mangyayari. Buweno. Sige't nang sabay-sabay ngayon.

Take the Name of Jesus with you,
As a Shield from every snare;
When temptations around you gather, (Anong
gagawin n'yo, ngayon?)
Just breathe that Holy Name in prayer.
Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!
(O how sweet!)
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious . . . , (...?...nakikita n'yo ang
munting batang babae na 'yan...?...) Oh
how sweet! (Halika rito, iha.)
Hope of . . .

327 Habang nakatayo ka rito: Yung huling beses na narito ako sa tabernakulo, dito (Ang nanay po'y panay ang tawa at turo sa bata.), ang bata pong ito'y may mga bakal pa noon sa binti. Heto na ito, patakbo-takbo na sa paligid dito, maligayang naglalaro ngayon. Hindi ba't kaaya-aya 'yun? Purihin ang Panginoon. Ngayon, masdan n'yo rito: Iha, lumundag ka at ipakita sa kanila, diyan, kung paanong nakakatakbo-takbo ka na. Kita n'yo?

Oh, precious Name, (Alalahanin n'yo po,
Komunyon mamayang gabi, siyanga.) . . . how
sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of . . .

328 Ngayon iyuko na natin ang ating mga ulo. At alalahanin n'yo ang mga gawain mamayang gabi, siyanga; at gabi po ng Komunyon. At alalahanin po ninyong lahat 'yan, kayo, na mga Cristiano, iniimbitahan namin kayo na pumarito at makibahagi ng Komunyon kasama namin. Kami'y umaasa ng maluwalhating panahon.

329 Ang ating kalugud-lugod na pastor, dito, si Kapatid na Neville, at . . . Ilan po ang nagmamahal kay Kapatid na Neville? Magsabi ng, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pakinggan n'yo, mga kapatid, pakinggan n'yo ako bilang inyong . . . bilang isa sa mga pastor dito sa tabernakulo: Umagapay kayo kay Kapatid na Neville. Manatili kayo sa kanya. Kita n'yo? Siya'y isang lingkod ng Diyos. Manatili

kayo sa kanya. Ang sabi ng Biblia, “Magkatipon-tipon tayo sa isa’t isa: at lalo na yamang nakikita n’yo na nalalapit na ang masamang araw.” Dumalo kayo sa mga gawain, pumarito; umagapay po tayo at manatili sa tabi ng ating pastor. Kita n’yo? Manatili mismo sa . . .



MGA KAPUSUNGANG PANGALAN TAG62-1104M
(Blasphemous Names)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Nobyembre 4, 1962, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org